

AGARANG TUGON

ni Troy Dela Pena

Pinangungunahan ng bagong punong-guro na si Maria Ruth R. Edradan, Principal IV, ang pagpapa-buti ng kampus ng Caraga Regional Science High School (CRSHS) upang punan ang mga suliranin ng kakulangan ng wastong pasilidad sa kanilang institusyon.

Ayon sa punong-guro, naka-sentro ang education system sa mga mag-aaral. Dahil dito, lahat ng mga proyektong isinasagawa ay nararapat na makakatulong sa kabuuang pag-unlad ng mga estudyante.



*“Being a leader
in a school,
not only
CRSHS, but also
in my other
previous
schools, I
always look at
whatever
activities,
programs,
and projects
that would
benefit
the learners.”*

saad ni Edradan



Isyung Totoo, Ihahatid sa inyo •
**Opisyal na Pablíkasyon ng Cara-
ga Regional Science High School**
• TOMO XX • BLG 1 • Taong
Panuruan 2024-2025

scicamp

FORMSCI, BALIK CAMPEONES

“Reregreso de los campeones”, yan ang binitawang kataga ng grupong FormSci matapos maibalik ang korona sa pamamahala ng overall facilitator na Kirsten Jean R. Bayang at Justin Lee A. Jorales.

BALITA | PAHINA 2

HINAHARAP, TUTUKAN




OPINYON | PAHINA 6

BALIK-LAKBAY SA SAYHAY

Kung ang mga pader ng CRSHS ay marunong magsalita, isisiwalat nila ang mga nakaukit na kwento ng kasiyahan at pangarap.

LATHALAIN | PAHINA 13




INJECT
YARN?!

AGHAM | PAHINA 14

HIGIT PA SA LARO

“Remember that each of you brings unique talents and strengths, this is more than just a contest, it's an opportunity to demonstrate your hardwork and unity,” pahayag ng punong-guro, Maria Ruth Edradan.

ISPORTS | PAHINA 20



Bisitahin ang CRSHS
Online Board sa
pamamagitan ng
pag-scan sa QR code
sa itaas



INFOGRAPIKS

Ginto Nasungkit,
Kahusayan Nakamit

Nagkamit ang mga Carascian ng mga medalya mula sa iba't-ibang mga pang-agham na patimpalak.

► Datos mula sa CRSHS Online Board



BALITANG LATHALAIN



MALA-GINTONG PAG-IISIP

20 TAONG
PAMAMAHAYAG NG
GINTONG DIWA

ni Paul Mendiola

Nagsimula lamang sa isang liham na naglalaman na mga balitang nais ihatid sa karamihan, bitbit ang mga impormasyong naglalayong ipahiwatig kung ano ang nasa loob ng paaralan, hanggang sa nangibabaw nang sumali sa iba't ibang kompetisyon tulad ng Journalism noong 2004.

Sa lungsod ng Surigao City, kilala ang paaralang Caraga Regional Science High School (CRSHS) na may mataas na antas pagdating sa akademikong usapin. Pinangunahan ng mga guro ng sina Gng. Fe Montolo Bonono at Gng. Maria Consuelo Hamera ang pamamahayag sa paaralan na tinawag nilang 'Gintong Diwa' dahil sa tinataglay na kaisipan ng mga mag-aaral.

"Ang mga kabataan dito, mga estudyante namin, ay mayroon silang mala gintong pag-iisip. Ika nga, mamahalin na hindi makukumpara sa iba," pahayag ni Bonono.

Ibinahagi rin ng guro na simula pa lamang ng pagtahak ng dibisyon sa kanila na sumali sa

kompetisyon, sila'y determinado at may dedikasyon na mahalò para sa imahe ng paaralan kahit bago pa ito.

Simula pa lamang ng kanilang pagsali sa paligsahan sila'y nakakuha ng iba't ibang parangal at nakamit ang unang kampeon sa taong 2004.

Ibinahagi rin ng guro na sa 20 taon ng Gintong Diwa, isa sa kaniyang hindi malilimutang pangyayari ay ang makuha ang pang-apat na pwesto sa pagsulat ng Lathalain noong 2015 sa National Schools Press Conference (NSPC) at pangatlong pwesto sa Collaborative Desktop Publishing (CDP) noong 2020.

Isa rin sa hindi malilimutang pangyayari sa mga mamahayag

ng Filipino at English ng CRSHS ay ang pagkaputol ng 13 taon na pagiging kampeon simula 2004 hanggang 2017 sa Division Schools Press Conference (DSPC).

Hanggang ngayon, patuloy pa ring namamayagpag ang Gintong Diwa kasama na ang 'The Informer' kung saan nakamit ang ika-apat na kampeon sa naganap na DSPC nitong Disyembre 4, 2024.

Sa kabilang banda, isiniwalat naman ni Bonono ang mga suliranin kinakaharap nila sa 20 taong pamamahayag tulad na lamang ng kakulangan sa funds, printer, mga kagamitan sa Radio Broadcasting, TV Broadcasting at iba pa.

na ginto, 10 na pilak at 6 na tanso. Nakamit ng lahat ng grupong kalahok ng paaralan ang unang pwesto kabilang nito ang Collaborative Desktop Publishing (CDP), Online Publishing, Radio Broadcasting at TV Broadcasting sa parehong Filipino at English na kategorya.

Nagtagumpay rin ang mga indibidwal na kalahok sa mga kategoryang News, Science and Technology, at Copy Reading and Headline Writing kung saan sila magiging kwalipikado sa Regional Schools Press Conference (RSPC).

Napanindigan at napanatili nila ang mga mataas na katayuan ng paaralan kaya inaasahang mag-uuiw sila ng mga parangal at aarangkada patungo sa National School Press Conference (NSPC). Ayon kay Fe Bonono hindi niya tutulutan ang makuha ang korona na hawak ng CaraScian Journal-

ists sa larangan ng dyumalismo Samantala, nagbigay naman suporta si SDS, Dr. Marilou B. Dedumo CESO V sa mga mamamahayag na payo niyang maging handa para sa paparating na RSPC ngayong Pebrero 2025.

"I challenge all those who won to attend the enhancement training and make yourselves ready for RSPC."

pahayag ni Dr. Dedumo sa lahat ng mamamahayag na nanalo.

Inaasahan ang kanilang puspusang pagsasanay bilang paghahanda sa paparating na RSPC upang i-representa muli ang Surigao City Division sa buong rehiyon.

BALITANG KINIPIL

FORMSCI, balik
campeones sa
Science Encampment
2024

ni Paul Mendiola

"Reregreso de los campeones", yan ang binitawang kataga ng kampon ng Formal Science (FormSci) matapos maibalik ang korona sa pamamahala ng overall facilitator na sina Kirsten Jean R. Bayang at Justin Lee A. Jorinales.

Simula pa lamang ng unang araw ng programa, nagpakitang gilás na agad ang grupong FormSci sa larong Banner Raising kung saan kanilang nasungkit ang unang pwesto.

Habang tumatak naman sa mga manunuod ang kanilang pagpapakitang gilás sa pagsayaw ng Robo Dance at Math Jingle na ilan sa mga major games na kanilang napanalunan.

SA MGA NUMERO

Pasiklaban sa
SciCamp

Nagpasiklaban ang mga Carascians sa kamakailang Science Encampment 2024.

► Datos mula sa PVC

FORMAL SCIENCE

1,475,150 PTS

NATURAL SCIENCE


1,126,650 PTS

SOCIAL SCIENCE

942,249 PTS

APPLIED SCIENCE

724,100 PTS



BALITANG KINIPIL

Brigada tungo sa
Kaayusan

ni Paul Mendiola

Alinsunod sa DepEd Order (DO) No.003 s.2024, inanunsyo ang maagang pagsasagawa ng Brigada Eskwela sa pamamagitan ng DepEd Memorandum para sa paghahanda ng mga paaralan sa taong panuruan 2024-2025.

Sa paghahanda sa parating na pasukan, nakahanay sa programang pang-akademiko ang mga isinagawa ng Caraga Regional Science High School (CRSHS) tulad ng paglilinis at pagsasaayos ng kaniya-kaniyang silid-aralan upang maging matiwasay ang pagbubukas ng klase nito Hulyo 29, 2024.

03 BALITA

PANGUNAHING BALITA

/agarangtugon | p01

Inihayag ni Edradan na pagdating sa CRSHS, napansin niya na karamihan ng mga pasilidad ay hindi na ginagamit.

Bilang tugon sa mga hadlang kinakaharap, nakipag-ugnayan ang paaralan sa iba't ibang mga stakeholders upang magkaroon ng donasyong pinansyal na tulong, at iba pang hangarin.

Pagpapabuti ng Library

Unang kinumpon ang school library, lalo na sa pisikal na aspeto nito. Kasama rito ang paggawa ng mga bagong mesa, upuan, at pagdagdag ng mga libro.

Naghandog ang Rotary Club ng Cebu at Surigao ng mahigit 1000 na libro upang matugunan ang kakulangan ng mga ito sa kadahilanang

nasalanta ng nakaraang bagyong Odette ang gusali.

Dagdag dito, ginawang E-library ang bakanteng bahagi nito na mayroong 30 bilang na gumaganang computer units at 6 na tablets upang ang mga mag-aaral ay makapagsagawa ng mga pananaliksik at makakalap ng impormasyon.

Iba pang mga Renobasyon

Bukod pa rito, binago ang SBM room at ginawang Student Activity Center na kayang magkasya hanggang 40 na estudyante at magsilbing pasilidad pangtalakayan at pagsasanay.

Pinagtugunan din ang mga science laboratories ng paaralan katulad ng pagdaragdag ng mga kagamitan upang maisagawa ng mga CaraScianns ang istandard na

metolodohiya sa kanilang eksperimentasyon.

Idiniin nito na ang lahat ng mga proyekto ay para sa ikabubuti ng mga mag-aaral.

Nang sa gayon, magamit ang mga wastong pasilidad at kagamitan upang mapatatag ang kanilang holistic development.

"These improvements are not for me... but for the benefit of the 1,131 learners that we have here in Caraga Regional Science High School."

panapos na pahayag ni Edradan



SUPORTA LOKAL. Binati ng PSDS District III, Atty. Salvador Acedilla ang mga school heads ng Butuan City sa sinasagawang Bench Marking nitong Nobyembre 12, 2024. (Larawan ni Makinano)

Exchange of knowledge and ideas- punong guro.

BXU principal assoc. nagsagawa ng
Benchmarking sa CRSHS

ni Paul Mendiola

Nagsagawa ang Butuan City Division Association of Secondary School Heads ng benchmarking sa Caraga Regional Science High School (CRSHS) dahil sa may mahusay nitong mga kasanayan sa paaralan nitong Nobyembre 13, 2024.

Pinangunahan ng punong guro ng si Maria Ruth R. Edradan ang pag salubong sa mahigit 70 na punong guro ng Butuan City upang ipakita ang mga pasilidad ng paaralan kalakip na ang mga estasyon inihanda nila.

"We look forward to an enriching exchange of knowledge and ideas," saad ng punong guro.

Nililobot nila ang anim na estasyong inihinda kabilang na ang Science Laboratory, Computer Laboratory, Creative Technology Hub, Library, E-Library, at Makerspace.

Anim na estasyon, salamin ng
inobasyon

Binisita ng 70 punong-guro ang anim na estasyong inihanda ng paaralan para pagsagawan ng benchmarking tulad ng Science Labora-

tory, Computer Laboratory, Creative Technology Hub, Library, E-Library, at Makerspace.

Sinimulan ang paglilibot sa Science Laboratory kung saan makikita ang mga gawaing laboratoryo tulad ng mikroskopyo, basic Biotechniques. Sinundan nito ang pagbisita sa Computer Laboratory, na may 2 TV, 2 printer, 30 tablet at 85 na mga computer.

Habang nililobot din nila ang Creative Technology Laboratory na makikita ang 3D printer, kasunod ang pagbisita sa Library, kung saan mayroong mahigit 1000+ na librong mababasa.

Karugtong ng Libray ang E-library na may 28 na mga kompyuter para sa mga mag-aaral ng CRSHS. Panghuling binisita ng mga punong-guro ay ang Makerspace, kung saan makikita ang tatlong 3d printers at tatlong PC na may iba't ibang uri ng software para sa programming at 3d modelling.

CRSHS, bilang may malakas na
suporta

Inihayag ng punong guro ng si Dr. Ruel T. Gabor, Principal IV ng Libertad

National High School, na sa kanilang paglilibot sa paaralan nakita nilang isa ang CRSHS na may malakas na suporta galing sa Local Government Unit (LGU), stakeholders, Non-Government Agencies, at iba pang ahensiyang pang-gobyerno.

"Here in Surigao del Norte or Surigao City, they have the very strong partners in education, and that is what we learn from them, we have to strengthen our partnership with the LGU" pahayag ni Dr. Gabor.

Sa kabilang banda, nakita nila sa pag-benchmarking ang mahuhusay na mga mag-aaral ng CRSHS pagdating sa pang-akademikong usapin kalakip na ang pang-ekstrakurikal na aktibidad.

"We cannot see, here, physical improvements, but we believe that they are very strong in terms of academics."

wika ng punong-guro.

USAPANG PERA

School Cost-Cutting Approach,
ipinatupad; napatunayang
epektibo

ni Troy Dela Pena

Bilang tugon sa pagtaas ng electric bill ng Caraga Regional Science High School (CRSHS), nag-abiso ang bagong punong-guro na si Maria Ruth Edradan, Principal IV, hinggil sa pagbawas ng paggamit ng kuryente sa paaralan at inihayag ang pagiging epektibo nito.

Ayon kay Edradan, nakita sa datos mula Enero hanggang Hulyo ng kasalukuyang taon na aabot ng mahigit 70,000 pesos ang monthly electric bill ng institusyon.

Kaugnay nito, simula ng bagong taong panuruan, nagsagawa ng 'Cost-Cutting Approach' ang CRSHS sa pamamagitan ng pagbawas ng paggamit ng mga kagamitang elektroniko.

Unang pinangasiwaan ang paggamit ng iisang water dispenser sa bawat magkatabing silid-aralan.

Sunod ay ang paggamit ng isang air conditioning unit sa bawat opisina katulad ang principal's office at finance office.

Dagdag pa rito, pinaigting ni Edradan ang "Lights Off" Policy na kung saan papatayin ang lahat ng hindi na ginagamit na ilaw sa kampus simula ng 5:30 ng hapon.

Sa kalaunan, bumaba hanggang 40,000 pesos ang electric bill nitong mga nakaraang buwan.

Malinaw na epektibo ang iniplementang 'Cost-Cutting Approach' sa pagbawas ng konsumo ng kuryente sa CRSHS.

Inaasahang mapanatili ang patuloy na pagbaba ng susunod na mga electric bill dahil sa inisiyatiyong ipinatupad.

INFOGRAPIKS

Bayarin sa kuryente
ng CRSHS SY 2024-2025

► Datos mula sa CRSHS

HUL PHP 21,070

AGO PHP 48,411

SEP PHP 52,863

OKT PHP 50,915

INFOGRAPIKS

Bilang ng mga estudyanteng
naka-enrol sa CRSHS
SY 2024-2025

► Datos mula sa CRSHS

LALAKI 448

BABAE 693

TOTAL 1141

KULTURA AT KASIYAHAN

Bilang pagpapahalaga sa kultura.

Surigao City, idinaos ang Bonok-Bonok Festival

ni Zyrenne Serrano

Pinahalagahan ng Surigao City ang kultura at relihiyosong aspeto ng pagdiriwang ng 40th Bonok-bonok Maradjaw Karajaw Festival para sa pag-aalay sa patron na si San Nicolas de Tolentino noong Setyembre 9, 2024.

Nagsagawa umano ng kompetisyon kung saan nilahokan ito ng limang koponan sa kategoryang Bonok-Bonok at pitong grupo naman sa Festival of Festivals na kategorya para ipakita ang kultura at tradisyon ng siyudad. "It deeply reflects the true

essence of our Bonok-Bonok Festival, we are not only honoring our tradition, but we are also looking back at the path it took to get us here, to this year," pahayag ni Mayor Paul Dumlaog.

Nagmula ang mga kalahok sa Surigao City at mga

probinsiya ng Surigao del Norte, Agusan del Norte, Surigao del Sur at Dinagat Islands.

Ipinamalas sa selebrasyon ang sining at tradisyon, na nagbigay- halaga sa mayamang kultura at kasaysayan ng Surigao City.

"This celebration reflects our unity, resilience, and the immense pride we feel for our city and its people."

pahayag ni Dumlaog.



LABAN-NON: Ibinahag ni Pangulong Joe Biden, pangulo ng USA, ang permanenteng ceasefire sa labanan ng Israel at Hezbolla sa Lebanon na pinahayag nitong Nobyembre 27, 2024. (Ultratong kinuha sa BBC News)

PANALONG BALITA
Kampeon ng Masa

ni Troy Dela Pena

Ibinandera muli ng kopianang Caraga Regional Science High School (CRSHS) ang pangalan ng kanilang paaralan nang tinaguriang ‘Champion’ sa idinaos na ‘istoryahan nan Statistics’ ng Philippine Statistics Authority (PSA) mula sa 3 ibang paaralang nakilahok nitong Oktubre 21, 2024.

Kinilala sina Lady Alegre, Junas Modanza, Mary Tantoy, Gabrielle Lipao, Pauline Calejesan, at Miljohn Pomoy na siyang nanguna para makamit ang tagumpay.

“Lisod tungod sa kakuyangan ng time,” “Nadugay sab kay nag take nan time pagkuha sa data since need pa nan permission sa region,” saad nina Modanza at Alegre.

Inihayag din ng dalawa na malaking hadlang sa paggawa ng kanilang bidyo ang kakulangan ng oras at eksaktong datos mula sa mga opisinang pang-gobyerno.

Tunay na hindi nagpapahuli sa kahit anumang larangan ang CRSHS. Taos-puso na pasasalamat ang inihayag ng grupo sa kanilang mga tagapayo at tagasuporta.

PAMBANSANG GANAP

Marcos, idineklara ang “immediate ban” sa mga POGO/IGL sa Pilipinas

ni Zyrenne Serrano

Ipinag-utos ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang pagbabawal ng mga operasyon ng Philippine Offshore Gaming Operators (POGO) at Internet Gaming Licenses (IGL) sa bansa sa isang Executive Order (EO) 74.

Nakapaloob sa EO 74 ang pagbabawal sa lisensya at mga ilegal na operasyon ng POGO/IGL na nagdulot ng pagdami ng mga krimen, hamon sa mga mahihirap at kawalang-stabilidad ng lipunan.

Iginiit ni Marcos na nasasangkot ang POGO/IGL sa mga krimeng panloloko, money laundering at iba pang ilegal na pampinansiyal na gawain na gumagambala sa sistema ng pananalapi ng bansa.

Alinsunod ito sa tungkulin ng pamahalaan na pangalagaan ang pambansang seguridad, protektahan ang kaligtasan ng mga mamamayan at panatiliin ang pampublikong kaayusan ng bansa.

Ipinagbabawal na rin ang pag-renew at pagpapahaba ng lisensya at dapat sa pagtatapos ng taon ay wala ng operasyon ng mga POGO sa bansa.

Samantala, itinakda ng EO ang pagpapatupad ng Technical Working Groups (TWG) para sa pagsiyasat sa mga ilegal na operasyon at krimen ng POGO at para matulungan din ang mga Pilipinong nawalan ng trabaho.

Ipinahayag ni dating Pangulong Joe Biden ang panukalang kasunduan para sa permanenteng pagtigil ng 14 na buwang labanan sa pagitan ng Israel at Hezbollah sa Lebanon, na inilabas nitong Nobyembre 27, 2024.

Inaprubahan ng pamahalaan ng Israel at Lebanon ang panukalang ceasefire agreement upang isulong ang permanenteng kapayapaan.

“I just spoke with the prime minister of Israel and Lebanon and I’m pleased to announce that their governments have accepted the United States proposal to end the devastating conflict between Israel and Hezbollah,” pahayag ni Biden.

Epektibo ang kasunduang ito simula Nobyembre 28, na magwawakas sa labanan

sa pagitan ng Hezbollah at Israel.

Ipinahayag ni Pangulong Biden na bibigyan ng 60 na araw ang mga bansang ito upang umurong ang mga sundalo at para mabawi ang kontrol sa kani-kanilang mga teritoryo.

“This announcement will create the conditions to restore lasting calm and allow residents in both countries to return safely to their homes” dagdag pa nito.

Subalit, kung lalabag ang Hezbollah sa

kasunduan ay mapipilitan ang Israel na magsagawa ng self defense alinsunod sa pandaigdigang batas.

“If Hezbollah violates the agreement and tries to arm itself, we will attack. If it tries to rebuild terrorist infrastructure near the border, we will attack,”

wika ni Prime Minister Netanyahu ng Israel

INFOGRAPIKS

Nagsimula ang Israel-Hezbollah War noong Oktubre 28, 2023

BUWAN

14

70 Nasawi sa panig ng Israel

3500

Tinatayang nasawi sa panig ng Lebanon

Ayon sa The Times of India



ni Paul Mendiola

OUTREACH-MAS, Nagsagawa ng Christmas Outreach ang ABM Guild at ang Youth Entrepreneur Organization (Y.E.O) ng CRSHS, binigyan nila ng mga pagkain at kagamitan ang mga kabataang mula sa Lipata Elementary School ngayong Disyembre 14, 2024. (Litrato ni Paul Mendiola)

Handog sa Kabataan

ABM Guild at Y.E.O., naghatid regalo sa LES

Naghatid ng handog ang Accountancy Business Management (ABM) Guild at Youth Entrepreneur Organization (Y.E.O) ng Caraga Regional Science High School (CRSHS) ng pagkain at kagamitan tulad ng school supplies at laruan sa mga kabataan ng Lipata Elementary School nitong Disyembre 14, 2024.

Pinangunahan ng tagapayo na si Gng. Fernalyn C. Mozar, ang pagpupursigi sa pagsagawa ng programa para maghandog ng mga kagamitan at makapagpaysa ng mga kaabataan bago pa mag pasko.

Ayon sa tagapayo, pinili nila ang Lipata Elementary School dahil alam nilang maraming kabataan doon ang nangangailangan ng

mga kagamitan at bawat taon inilipat nila ang kanilang mga suporta sa iba’t ibang lugar.


“By giving back to these kids, we hope to inspire them to achieve their dreams, just as we have been inspired to achieve ours.” saad ni Gng. Mozar.

Bukod pa sa mga kagamiting kanilang ibinigay, naghanda naman

ng mga palaro at sayaw ang ABM Guild at Y.E.O para ma aliw ang mga bata habang isinasagaw ang naturang programa.

Mahigit 50 na mga bata ang pumunta sa nasabing programa at nabigyan ng mga kagamitan at pagkain.

Kasama ng mga bata ang kanilang mga magulang upang maalalayan sa pagpunta sa LES.



ni Paul Mendiola

Natamo ng grupong Moxie ang unang pwesto sa naganap na Battle of the Bands (BOTB) na ginanap sa uncovered court ng CRSHS sa kabilang ng presyon na kanilang nararanasan habang nag e-ensayo nitong Disyembre 20, 2024.

Ayon sa isang miyembro ng Moxie na si Rhianna Crisologo, mataas ang naging tingin ng karamihan sa kanila lalo na’t sila ay nakakuha ng People Choice Award sa nakaraang BOTB noong 2023 kaya’t sila’y inaasahang mamayagpag.

Binubuo ang grupo nina Rhianna Crisologo, Ashley Amarille, Robert Gesta, Nino Abogad, Krezna Edera, Myrtle Gemao, at Gazelle San Juan.

Kinanta nila ang Bibingka ng Ben&Ben, Liwanag sa Dilim ni Yeng Constantino, at Tatsulok ni Bamboo na tumatak sa mga nakikinig.


Habang naging katunggali nila ang anim na banda tulad ng Ecstasy, SBPM, TLRT, Arriba, Fourth Odd, at Novix.

Nakamit naman ng TLRT ang pangalawang pwesto, Fourth Odd sa pangatlong pwesto at SBPM para sa People Choice Award.

Sa kabilang banda, hindi naman sigurado ang grupong Moxie kung sasali paba sila sa susunod na BOTB.



MUSI-KABATAAN, Nagpakita ng gilas ang estudyenteng si Ashley Amarille ang kanyang talento sa musika kasama ang kanyang band na kilala sa pangalang Moxie, sa Battle of the Bands 2024 na ginanap sa CRSHS nitong ika-20 ng Disyembre. (Larawan mula sa CCC)



ni Zyrenne Serrano

Ginawaran bilang Outstanding Teacher Coach ang apat na guro mula sa Caraga Regional Science High School (CRSHS) sa naganap na Thailand International Mathematical Olympiad (TIMO) nitong ika-27 ng Oktubre 2024.

Kinabibilangan ito nina Gng. Gemma C. Orozco, Gng. Sarah G. Pelaris at Gng. Myrna H. Conol dahil sa isang pamantayan na mahigit 30 sa kanilang mga estudyante ang nakalikom ng ginto hanggang partisipasyon na gantimpala.

Naiuwi nila ang 14 na pilak, 52 na tanso, 5 merit award at 8 partisipasyon.

Samantala, kasama rin si Gng. Elizabeth E. Manliguis sa ginawaran sa kompetisyon dahil anim sa kanyang mga hinawakang estudyante ang nagwagi.

Kinilala sila sa kanilang dedikasyon sa pagsasanay sa mga estudyante upang maabot ang pamantayan.

Nagdala ang tagumpay na ito ng malaking karangalan sa paaralan at nag-udyok sa kanila na galingan at magsumikap sa mga susunod na patimpalak.

TULONG MAT-HENYO. Namayagpag ang mga guro ng sina Gng. Myrna Conol mula sa kailwa, sinundan naman ni Gng. Gemma Orozco, kasunod nito na si Gng. Elizabeth Manliguis, at magtatapos sa guro ng nasa kanan na si Gng. Sarah Pelaris, mga guro ng matematika sa CRSHS sa isinagawang Thailand International Mathematical Olympiad (TIMO) ngayong Abril 28, 2024. (Larawang kinuha kay Sarah Pelaris)

BUWAN NG WIKA

Gawad patimpalak sa tagisan ng talento

ni Paul Mendiola

Nanguna sa paghahanda ang opisyaes ng Samahang Pangmag-aaral sa Filipino (SaPaFil) at tagapayo na si G. Alfe S. Lito sa paghahanda ng iba’t ibang paligsahan na naglalayong ipakita ang abilidad ng mga mag-aaral sa panitikang linguwistika para sa pagdiriwang ng Buwan ng

Wika, nitong Agosto 9.


Kalakip nito ang mga patimpalak ng Pagsulat ng Lathlain, Paglikha ng Poster, Dama, Sungka, Pagsulat ng Kanta, Pagsulat at Pagbigsak Talumpati, Spoken Word Poetry Patintero, at Scavenger Hunt.

“Ang layunin sa likod ng mga patimpalak at palaro ay para mapalawak ang kaalaman sa wikang Filipino at maipamalas ang mga talento ng mga mag aaral sa iba’t ibang larangang pampanitikan.” , saad ng

bise-presidente ng SaPaFil.

Bukod sa mga patimpalak nagkaroon din ng mga palaro at palabas ang mga guro tulad ng pagsayaw at pag-awit kalakip ang grupong SaPaFil na kinaaliwan ng mga mag-aaral.

Samantala, inimitahan at dumalo sa programa sina Gng. Rogelyn P. Armada (ESP-Filipino), Gng. Cecelia T. Sembrano (Pangulo-GPTA), Gng. Fernalyn C. Mozar (Pangulo Faculty), Punong-guro na



ni Troy Dela Pena

Ibahinay ni Maria Ruth R. Edradan, bagong punong guro, ang kaniyang layuning maibalik ng mga CaraScians ang paglimbag ng mga mataas na kalidad na pananaliksik, sapagkat pagdating ng pandemya ng taong 2020, naudlot ang interes ng mga mag-aaral sa larangang ito.

Maliban sa mga nakaraang nakamit na tagumpay sa larangan ng dyurnalism, matematika, at debate, iginiit rin niya na ibalik ang paggawa ng mga research studies.

Kahit noon paman, mahusay na nagsagawa ng mga pananaliksik ang mga CaraScians, mapang-akademiko man o sa mga paligsahang lokal at labas ng bansa, gaya ng Taiwan at United States of America.

“Although we have produced some research[es] which has competed in the Regional and National level, we should also make sure that these researches would be beneficial to the community.”

wika ng punong-guro.

Idiniin ni Edradan na hindi lamang pampaligsahan ang mga isinagawang pananaliksik, kundi mga nakakatulong din sa komunidad.


Dahil sa ito, nakipagsapalaran ang CRSHS sa iba’t ibang kagawaran katulad ng City Agriculture Office upang bumuo ng drying facility para sa mga algae at crops

Dagdag dito, pagbubutihin ang mga science laboratories ng institusyon sapagkat may kakulangan ito sa mga kagamitan.

Nakipag-ugnayan din ang CRSHS sa mga research institutions katulad ng MSU-IIT, MGB, UP Los Baños, at PIChe upang matulongan ang mga mag-aaral na magsagawa ng mga istandard na gawain sa kanilang eksperimentasyon.

Tiniyak ni Edradan na ang pagpapabuti ng kalidad ng mga gawa ng mga estudyante.

Inaasahan ang mga layuning ito ay makapagbibigay ng makabuluhang pagbabago para sa mga CaraScians sa kaniyang termino bilang punong-guro.



TULA-RAN. Ibinahagi ni Mark Maturan ang kanyang tula matapos magwagi sa Pagsulat at Pagbigkas ng Talumpati sa Buwan ng Wika ng CRSHS na pinamahala ng Samahang Pangmag-aaral sa Filipino (SaPaFil) ngayong Agosto 9, 2024. (Larawang kinuha sa SaPaFil)



ni Troy Dela Pena

BALITANG REHIYON
‘Regional Creativity’, idinaos ang DTI sa Fiesta Haraya Creative Caraga Festival

CARA-CALING. Ipinagdiriwang ng mga CARACAnons ang kanilang husay at galing sa ginanap na 2024 Fiesta Haraya Creative Caraga Festival ng Department of Trade and Industry (DTI) ng Butuan City, Philippines. (Larawang kinuha sa DTI)

Butuan City, Philippines—Sa apat na araw na pagdiriwang ng husay at galing ng mga CARACAnons, natapos na ang ginanap na 2024 Fiesta Haraya Creative Caraga Festival ng Department of Trade and Industry (DTI) nitong Oktubre 18, 2024.

Layon ng naturang pagdiriwang ay pagsamahin ang mga lokal na manggagawa at negosyante upang magtampok ng kanilang mga gawa.

Isa sa mga makalulubhang kaganapan sa pagdiriwang ay ang “Creative Crawl” na kung saan nakipag-ugnayan ang DTI sa pitong lugar upang ibida ang talento ng mga CARACAnon.

Kasama rito ang isang photo exhibit sa Project Brew Cafe, marketplace of pop-ups sa Tapok Lokal, at art exhibit sa National Museum of the Philippines Butuan.

“We felt very happy that we won 3rd place, especially knowing that we were the only highschool jingle entry that reached the finals” dagdag pa nito.

Bukod dito, isinulong naman nila ang turismo ng agri-fishery kung saan tinalakay nila ang agrikultura at panginingisda ng rehiyun na pinamagatang “Tatak Caraga”.

Sa mga sumunod na araw, nagsagawa ang DTI ng mga komperensya upang makakalap ang mga manggagawa ng mahalagang impormasyon para sa kanilang mga negosyo.

Itinampok sa mga tagapagsalita mula sa labas ng CARAGA ang kanilang kadalubhasaan at mga estratehiya na maaaring gamitin ng mga lokal na manggagawa sa larangan ng digital creative services, creative technology, at tradisyunal na mga gawa.

Dagdag dito, nagdaos ang Fiesta Haraya ng patimpalak katulad ng

Creative Caraga Festival Song Competition upang magpakitang gilas ang iba’t-ibang mga magkatunggali.

Pagkatapos ng matagumpay na pagsagawa ng ikalawang pagdiriwang nito ngayong taon, itinatag ang Fiesta Haraya bilang isang makabuluhang kaganapan sa CARAGA.

Inaasahang patuloy na pagyayamanin ang pakikipag-ugnayan ng mga CARACAnon sa larangan ng pagnenegosyo upang lalong umunlad ang mga lokal na gawa.



gintang diwa
Opisyal na Pablikasyon
ng Caraga Regional
Science High School

PATNUGUTAN



James Denzyl P. Gadiana
Punong Patnugot



Rhianna Nichole C. Crisologo
Katuwang ng Patnugot



Paul Nelson S. Mendiola
Patnugot sa Balita



Jaione Vaishali E. Zulfeta
Patnugot sa Lathalain



Chris Emmanuel S. Waskin
Patnugot sa Isports



Prince Maynard E. Jovita
Patnugot sa Editoryal



Mark Vincent L. Balbin
Tagawasto ng Balita



Keanne Marie G. Cedro
Kartunista

KONTRIBYUTOR SA BALITA

Troy Xandrei C. Dela Pena
Zyrenne L. Serrano

KONTRIBYUTOR SA EDITORYAL

Lance Andre E. Enerio
Ayla Sephia Conde
Stephanie T. Fideles

KONTRIBYUTOR SA LATHALAIN

Jamaicah C. Anonuevo
Precious Rushel T. Bongato
Prenelope Joy B. Enot

KONTRIBYUTOR SA ISPORTS

Kate Julliene A. Gipala
Chris Emmanuel S. Waskin

KARTUNISTA

Morica Castulo
John Kenneth G. Saubon

LITRATISTA

Alois Von E. Makinano
Carlyn B. Corminal



Fe Montolo - Bonono
Tagapayo



Mark Anthony T. Bangao
Konsultant



Myrna Y. Gijapon
Konsultant



Maria Ruth R. Edradan
Konsultant

EDITORIAL

HINAHARAP, TUTUKAN



Bahala na nga” ang bukambibig natin kapag nalalagay tayo sa petsa de peligro. Sa dinami-dami kasi ng mga pan-akademikong aktibidad na dapat tutukan, karamihan dito’y napapabayaang na lang at ipinasadiyos ang magiging kalalabasan nito. Pero ang buhay ay hindi hile-hilerang mga gawain na pwede lang bumawi sa susunod, ito ay isang bagay na hindi na natin mababalik pa. Sa ganitong punto, ang “Bahala na nga” ay kakakitaan ng pagpapabaya sa sarili kaya napakahalaga na habang musmos pa tayo at nasa hayskul pa ay napagdesisunan na natin ang daang tatahakin sa hinaharap.

Ito ang nais iwaksi ng Kagawaran ng Edukasyon na labis n sinusuportahan ng Caraga Regional Science High School (CRSHS). Alinsunod ito sa R.A. 11206 na nagpapatibay sa pagtuturo ng wastong pagpili ng propesyon mula hayskul pa lamang. Kung kaya’t, kaliwa’t-kanan ang ginanap na Carer Talks sa mga mag-aaral ng Baitang 12 na sinimulan ng CRSHS Alumni Association noong Ika-24 ng Septyembre ngayong taon. Bagaman iba’t-iba ang mga larangang kanilang tinahak, iisa naman ang kanilang sigaw na magplano’t pumili nang naaayon sa sigaw ng ating puso.

Kung susuriin, ang buhay ay hindi natin hawak. Hindi natin alam ang mga bagay na naghihintay sa atin sa hinaharap. Madalas, may napaplano tayo ngunit may mga pagkakataon talaga na masisira ang lahat ng pinaghirapan sa isang iglap lamang. Bukod sa sigaw ng ating mga puso, may mga salik pa tayong nararapat bigyang-pan-sin tuad ng aspetong pinansiyal at ang personal na kakayahan. Kumbaga, walang saysay ang pagpapalano kung ito ang pagbasehan.

Subalit, pwedeng masala ang mga bagay na para sa atin sa pamamagitan ng

pagpapalano. Kung kaya, ang maagang pagbabalangkas sa ating hinaharap ay ang bagay na labis na pinagtuunan ng pansin ng paaralan. Mula sa pag-oobserba ng mga propesyonal na mga tao upang maisiwalat ang tungkol sa career path, at pagsali ng paaralan sa National Career Assessment Examination (NCAE) nasisiiguro ang kaalaman ng mga kabataan sa ganitong mga bagay.

“Kailangang maging tiyak tayo sa walang kasiguraduhang hinaharap. Mas mainam na maging planado upang marating ang resultang inaasam.”

Dagdag pa rito, nabibigyan natin ang direksiyon at patutunguhan ang lahat ng

ating pinagtatrabahuan. Maka-paglalatag tayo ng motibasyon upang magpatuloy sa mga bagay na nating naging abutin. Bagaman hindi natin hawak ang mangyayari sa hinaharap, ang pagkakaroon ng plano sa kasalukuyan ay nagbibigay-daan sa mas tiyak at siguradong kinabukasan. Kung tutuusin, hindi magiging doktor ang taong nag-aaral ng Geology at hindi rin magiging matagumpay ang mga taong hindi kumikilos at nagsasakripisyo. Hindi mararating ang paroroonan kung hindi simulan sa ngayon ang paglalakbay.

Nasa kamay natin ang hinaharap. Kumbaga, hindi lang dapat tayo susunod sa agos ng buhay kung paghandaan ang mga posibilidad. Bilang kabataang kamumulat lang sa reyalidad, marami pa tayong panahon upang maglakbay at pagpipilian kung ano ang nararapat para sa atin. Sa madaling salita, huwag magpakakampante at kumilos sa kabila ng walang kasiguraduhan. Ang organisadong paraan ng buhay ay gagabay para sa matiwasa’y na buhay.

Panahon na para tumutok tayo at pag-isipang mabuti ang ating hinaharap.

PILIPINO TAYO!

Bughaw: Tatak Mo!

**ni Maynard Jovita**

Kasabay sa pagtakbo ng panahon ng unti-unting pagbabago sa paggamit ng kinagisanan kung saan lantaran ang pagkawala ng interes ng mga kabataan sa wikang Filipino. Ngunit, hindi ito alintana sa CRSHS upang panatilihi nakatatak sa isipan ng bawat Carascians ang kamalayang Pilipino.

Hindi maiiwasan ang pagbabago ng wika sa pagdaan ng henerasyon na sumisibol sa bagong estilo at terminolohiyang ginagamit ng mga tao. Kaalinsabay pa nito ang mas pagkiling ng karamihan sa wikang Ingles dahil mas gagamit daw ito sa hinaharap. Ang patuloy na pagtangkili sa banyagang lenggwahe ay mistulang naging patok sa kasalukuyang henerasyon.

Gayunman, pinapanatili ng paaralan ang pagpapahalaga ng wikang pambansa sa mga kompetensi sa bawat aralin ng Filipino. Pinapailalim din ang kaalaman sa kasaysayan ng wika sa pag-aaral o pagganap ng pang-entablado na mga aktibidad na ibinatay at kinuha mula sa mga araling pangliteratura.

Bukod pa rito, masinop na binabantayan ng Samahang Pangmag-aaral sa Filipino (SaPaFil) ng CRSHS ang partisipasyon ng bawat estudyante sa taon-taong pagdiriwang ng buwan ng wika at buwan ng pagbasa. Naghahandog sila ng iba’t-ibang pam-paaralang sakop na patimpalak sa pagsulat ng sanaysay, talumpati, pagsuul ng kanta sa midyum na Filipino at mga larong Pinoy na kinakaaliwan ng nakakarami.

Dagdag pa sa mga nabanggit, akatutulong ang mga pam-paaralang patimpalak na ito sa pagsukap sa potensyal ng mga Carascians sa iba’t-ibang larangan upang dalhin ang pangalan ng CRSHS sa mga panlabas na patimpalak. Katulad nito ang silakbong giting ng Gintong Diwa sa pamamahayag, at ang extemporaneous, oratorical speech para sa Division Festival of Talents (DFOT) - parehas na paparating na kompetisyon sa mga natitirang buwan ng kasalukuyang taon.

Sa kabuuan, tiyak man ang pagbabago sa paggamit ng wika sa pagdaan ng panahon, hindi hinahayaan ng institusyong ito na kalimutan ng mga mag-aaral ang pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. Nananatili ang pagmamahal sa sariling wika sa pamamagitan ng kahasaan na nagpapakita ng pagiging dugong Filipino.

Carascians! May tatak bughaw sa puso, isip, at gawa.



TUNAY NA TAGUMPAY

Gantimpala, Hindi Basehan

Sa anumang uri ng paligsahan, tiyak na maraming mga estudyante mula sa Caraga Regional Science High School ang sasali at maglalayong magtagumpay. Kagaya sa mga paligsahang nakapaloob sa Intramurals, sila’y todo bigay upang makamit ang tagumpay.

Kung sakali namang hindi manalo sa kompetisyon, panalo pa rin ang turing sa mga kalahok dahil sa may aral na man mula sa karanasang ito. Hindi maiiwasan na magkaroon ng problema sa kahit na anong kaganapan. Tulad sa Intramurals, ang iskedyul ng mga estudyante ay maaaring maabala dahil sa mga pagsasanay para sa kompetisyong sinalihan na kailangang ipagsabay

sa ibang gawaing pang-akademiko. Nababawasan ang kanilang oras upang magpahinga na maaaring magdulot sa kanilang pagkatalo.

Gayunpaman, nagbibigay ang mga suliraning ito sa mga kalahok ng pagkakataong matutong kumilos nang wasto sa gitna ng kagipitan, sa oras man o sa lakas. Bilang resulta, ang tamang pamamahala sa kanilang oras ay nasasanay.

Marami pa ang maaaring matutunan ng kabataan mula sa pakikilahok sa Intramurals. Ang pakikipagkapwa-tao, pagtanggap ng pagkatalo, at pagbibigay solusyon sa problemang natatanggap ay mga kaalaman na hindi lamang nila magagamit bilang mga estudyante sapagkat sa pagsulong sa buhay, ito’y mahalaga at makakatulong din.

Hindi basehan ang mga pwesto o gantimpalang natatanggap mula sa kompetisyon sa pagtukoy ng tagumpay, sapagkat ang tunay na tagumpay ay ang pagkatuto at pag-uwi ng kaalaman mula sa kompetisyong sinalihan. Kahit talo man sa ibang paligsahan, panalo naman sa kaalamang natutunan.

“Ang tunay na tagumpay ay ang pagkatuto at pag-uwi ng kaalaman mula sa paligsahang sinalihan.”



Abuso ng Abusado



Dibuho ni Keanne Cedro

Hindi maikakaila ang malaking tulong na dala ng ChatGPT, isang artificial intelligence na itinatag ng OpenAI noong ika-30 ng Nobyembre 2022, sa mga tao lalo na sa mga mag-aaral. Subalit, isa lamang itong hadlang upang makamit ng munting kabataan ang pagkahubog sa edukasyon na may sariling kaalaman.

Laganap ang paggamit ng mga mag-aaral sa ChatGPT dahil sa kakayahan nito na agarang tumugon sa kahit na anong katanungan at kahiilingan. Napapadali nito ang mga gawaing pampaaralan kagaya ng mga asignatura, proyekto, at maging ang mga pananaliksik.

Gayunpaman, dalubhasa na sa paggamit ang mga estudyante sa aplikasyong ito sa puntong nakakaapekto na sa antas ng kanilang pagkatuto. Ito ay maaring makapagbabago sa pamumuhay ng mga mag-aaral; mas nakakiling ang kabataan na bumuo ng mga masasamang gawain katulad ng ningas-kugon at mañana habit.

Magbubunga rin ang labis na paggamit ng aplikasyon sa pandaraya ng mga estudyante sa mga proyekto at pagsusulit. Sa halip na subukan ang hangganan ng kakayahan, isang robot na lamang ang nagsisilbing mag-aaral na sasampal sa lahat ng dugo’t pawis at paghihirap na inilaan ng mga kaguruan.

Higit sa lahat, mas lalala pa ang bunsa sa pananaliksik ng Programme for International Student Assessment (PISA) noong 2022, kung saan bumulusok pababa ang

marka ng Pilipinas pagdating sa malikhaing pagisip. Matatandaang itinala ang ating bansa na isa sa pinakamababa sa naturang larangan kasabay ang mga bansang Albaniya, Morocco, at Uzbekistan.

Samakatuwid, mayroon nang benepisyo ang paggamit ng ChatGPT subalit, ito ang maginging daan ng mga mag-aaral upang maminasa sa kanilang katamaraan at katigasan ng ulo. Kaya, sinisikap ng Caraga Regional Science High School (CRSHS) na maging masinop ang mga mag-aaral sa pagiging orihinal at makapag-iisa sa mga gawaing pampaaralan. Sinisiyasat ng mga guro ang bawat awtput at pananaliksik sa paaralan gamit din ang makabagong teknolohiya - AI checker.

Dito masisiiguro ang sukat ng karunungan at sa kalidad ng paggawa. Dito rin natin mahuhubog ang pag-unlad ng hindi lamangsa katalinuhan o karunungan, kundi pati na rin ang pagkakataon ng tiwala sa sarili.

Huwag hahayaang maging kampante sa hiram na karunungan kung saan ang AI ang naging sandalan.



ni Morica Castulo

Dinaan-daanan at kinakalimutan ang yearly contribution pero tiyak makapagbayad pagdating sa ibang bagay? Pinapaalala ng Department of Education (DepEd) ang mga paaralan na sundin ang No Collection Policy, ngunit nakadismayang isipin na mas pinipili pa ng mga estudyante ang mag bayad sa kanilang mga Batch T-shirt kesa sa School Voluntary Contribution (SVC).

Itinaguyod ng DepEd ang No Collection Policy noong 2008, subalit kamakailan lang nitong ika-2 ng Agosto 2024 naglabas ulit ng Memorandum si DepEd Secretary Sonny Angara tungkol dito. Ayon sa Memorandum No. 41, s. 2024, ipinagbabawal ang pagkolekta sa mga mag-aaral mula pa sa panahon ng enrolment hanggang sa pagtatapos ng taong panuruan.

Tama naman ang paglalahad ng Memo na ito dahil ang pangangolekta para sa mga aktibidad ay nakadaragdang lang sa mga bayarin at mas lalo pang pinapahirapan ang mga magulang sa pagbabayad.

Gayunpaman, mayroon pa ring mga pangyayari na mas pinipili ng mga mag-aaral na magbayad sa ibang bagay kaysa sa mga pang-akademikong pangangailangan tulad ng SVC.

Nakabibigay ito ng negatibong pananaw sa mga admin, lalo na’t mas inuuna ang

kanilang mga gusto. Marahil isa ito sa mga rason kung bakit laging kinukulang ang pondo ng paaralan.

Sa kamakailang mga kaganapan, sumibol ang isang isyu sa Caraga Regional Science High School ukol sa jersey para sa Intramurals. Inihayag ni Gng. Edradan, Principal IV, ang kaniyang dismaya sapagkat hindi sinunod ang tuntunin na inilalahad ng DepEd. Binigyang-diin ng punong-guro sa mga presidente ng bawat seksyon na ipinagbabawal ang pagkolekta ng salapi lalo na kung hindi pa niya inaprubahan.

Kahit na mayroong mga kinahuhumalingan, huwag magbulag-bulagan at alamin ang kahalagahan ng No Collection Policy. Bilang mag-aaral, laging isaisaip ang pagiging responsable sa mga tungkulin. Timbangin kung alin ang mas nakabubuti at kung ano ang dapat pagtuunan ng pansin.



GISING GISING

Matang Nakapiring

SCICAMP 2024

Bigat sa Baligat

ni Lance Enerio

Naging abala ang mga opisyaes ng STEM GUILD at PVC sa paghahanda para sa ginaanap na Science Encampment 2024 na may temang “Climatequest: Forecasting Wind Shifts, Charting Climate Futures.” Kahit na kakaunti na ang kanilang bilang laban sa malaking hamon, nanaig pa rin ang diwa ng pagtutulongan.

Alinsunod sa DepEd Memorandum No.0905, S. 2024, tradisyon na ng Caraga Regional Science High School ang paglunsad ng Science Encampment. Isa ito sa kaganapang isinasagawa tuwing buwan ng Setyembre kung saan ipinakita ng mga StaffSci ang pagkakaroon ng ugnayan at pagiging lider.

Halos dugo at pawis ang ipinakitang kolaborasyon ng mga Opisyaes ng Stem Guild at PVC upang matatag ang mga kaganapang Mr. and Ms. Environmentalist at Pledge Night. Naipakita ng mga mag-aaral ang pagkakaisa at pagtutulongan sa halip ng mga pinagdaanang problema.

Isa sa naging balakid sa pagharap ng mga Staff Sci ang kakulangan sa pondo para matugunan ang kanilang proyekto, kasama rin dito ang masamang panahon, at ang biglaang iskedyl na na itinatatag ng DepEd. Ngunit, nabigyan ng solusyon ang lahat ng mga pagsubok nito sa pagkakaroon ng suporta ng bawat isa, pagiging panatag sa mga gawain, at paghahanap ng alternatibo upang matugunan ang kakulangan.

Gayunpaman, hindi maiwasan na may mga hamong darating kapag namumuno tayo bilang opisyaes ng isang organisasyon sa paaralan. Katulad ng mga StaffSci, ipinakita nila ang pagiging matayog sa mga kinakaharap na pagsubok sa mga pangyayari sa eskwelahan.

Tanging nakakabuti ang pagkakaroon ng determinasyon sa pagtatrabaho upang mapagtagumpayan ang mga problema. Hindi lamang determinasyon kundi ang pagkakaroon ng kolaborasyon at pagkakaisa ng bawat kasapi, at mas nakabubuting huwag tumuloy sa posisyon kung hindi kayang gawin ang isang bagay.

Kinakailangan nating sukatin ang ating makakaya upang hindi maging bigat sa balikat ang mga problema.

Nahihirapang ma-angkop sa mahigpit na iskedyl ang Baitang 10 ng Caraga Regional Science High School (CRSHS) dahil sa inilunsad na panibagong DepEd Memorandum sa taong 2024-2025. Kahit taimtiman lamang ang oras, ipinakita pa rin nila ang pagiging matatag sa pagsubok.

Naging limitado na ang oras ng mga Carascian pagkatapos ng maitatag ang bagong DepEd Memorandum No. 053, S.

2024, para mabigyan ang mga guro ng anim na oras bawat araw sa kanilang pagtuturo sa mga klasrum, maliban kung may mahalagang gawain. Ipinakita ng mga mag-aaral ang pagkakaroon ng sipag at tiyaga kahit kaunti lamang ang panahon sa kanilang asignatura. Hindi nawalan ng determinasyon ang mga ito upang matagum payan ang mga problemang kinakaharap sa paaralan.

Naranasan ng mga Baitang 10 ang maraming gawain, mga lagumang pagsusulat at performance task na nagaganap sa isang sesyon

sa bawat araw ng pag-aaral. Agaw-hininga nilang natatagumpayan ang mga pagsubok, ipinapakita pagiging matatag kahit siksikan na ang kanilang mga gawain.

Gayunpaman, hindi magkakatulad ang oras ng mga estudyante, kadalasan sa kanila ay nagkakaroon ng mas mahigpit na iskedyl o mas maluwag na iskedyl. Halos isinakripisyo na nang mga ito ang kanilang pagmeryenda at pagpapahinga para magawa ang kanilang mga gawain. Katulad ng mga estudyante sa baitang 10 na kanilang pinagtugumpayan ang mga dinadaanang pagsubok sa loob ng kalimitang oras.

Upang matagumpay natin ang mga pagsubok ng taimtimang oras sa paaralan, kinakailangan nating maging matatag at matibay sa anumang oras. Dapat bigyan natin ng baktang oras ang ating sarili para maging masigasag sa paggawa ng mga gawain sa paaralan.

Kaya dapat nating tandaan na



Liham sa Patnugot

Mahal kong Patnugot, Unang-una, maraming salamat sa pagpapaulak sa mga isyung nararapat bigyang-liwanag sa iyong platapormang maglalahad ng impluwensya lalong-lalo na sa mga mambabasa. Narito ako ngayon dahil may suliraning hindi ko maalis sa aking isipan na matag-tagal ko nang pinagninilayan.

Ano ang masasabi mo tungkol sa 'filipino-time' na nakagawian ng mga gaya kong kabataan? May mga pagkakataon kasing ang sariling kagustuhan ang sinusunod na siyang nagdudulot ng hindi pagkakaintindihan at alanganin sa mga pang-akademikong usapin. Hindi ko mapagtanto ang maaaring mangyari sakaling magpatuloy ito, sana'y mabago para na rin sa ikabubuti ng ating kinabukasan.

Bago ko sagutin ang iyong sularanin, nagpapasalamat ako sayo dahil napapahalagahan mo ang pamamahayag na siyang esensyal sa kasalukuyan. Ang iyong pagtangkili sa aming publikasyon ay malaki nang bagay upang mapalaganap ang boses na nais naming marinig ninyo upang kayo'y tumungid at makiusap sa pag-unlad ng ating lipunan. Ngayon, sa iyong katanungan, napakahirap iwaksi ang konseptong Filipino Time dahil nakaulit ito sa ating diwa bilang mga Pilipino simula pa noong panahon ng Espanyol. Kaya, maging magandang ehemplo sa iba. Ipaaintindi rin ang kahalagahan ng wastong pagrespeto sa oras ng iba maging ang mga kahihintanan kung ipagpapatuloy pa ang gawaing ito. Sa madaling salita, ikaw na siyang namulat sa problema ang magpapasimula ng pagbabago, nasa sayo ang kapangyarihan na ituwid ang kanilang maling mga gawi.

tungkulin,tutukan responsabilidad aksyon panindigan isabuhay

TAGAPAYONG PAHAYAG

RESPONSABLENG MAMAMAHAYAG

“Bawat segundo’y mahalaga, kaya kailangan maging maagap sa mga hakbang na nais isakatuparan nang hindi sasapit sa panghihinayang.”

Panulat ni Fe M. Bonono

Campus Journalism, isang aktibidad at paligsa-hang tintingala na isinasagawa taun-taon sa mga paaralan na susukat sa talino at kakayahang ng mga mag-aaral na napabilang sa larangan ng pamamahayag.

Sa paaralan, ang mga mamamahayag na manunulat ay katuwang sa pagpapaabot at pagpapalaam sa mga kaganapang nangyayari at nakamit na mga tagumpay sa bawat paligsahang sinalinhan sa loob o labas ng kampus. Sila’y may tungkuling nangangailangan ng pagtutok at pagbibigay ng panahon at oras lalo na sa pangangalap ng mga detalye detalye at isyu na isusulat bilang balita.

Ngunit hindi madali ang maging isang mamamahayag. Kinakailangan ang sasakmit dito ay magtaglay ng bilis at talas ng isipan upang makalikom ng mga importanteng detalye na gagawing isyu para makasulat ng isang kongkretong artikulo.

Sipag, tiyaga, at deter minasyon ay kaakibat sa mga kinakailangang dapat taglayin ng isang mamamahayag. Kalaki dito ang di-matatawarang sakripisyo kung saan mararanasan ang guton at pagpupuyat upang hindi abutan ng deadlin sa mga artikulong isusumite. Ito ang mga gawing magpapaano sa bawat patimpalak sa pamamahayag na lalahukan.

Subalit, paano kung ang responsibilidad sa tungkuling ito ay sa simula lamang naipapakita at hindi na sineseryoso? Ang mga dapat na gampanin ay binalewala sa palagiang pagpapaliban na isagawa ang mga panulat kung kaya nagkakabuhol-buhol at natatambak ang gagawing obligasyon na hindi na malaman kung kailan tatapusin.

Sa pangkampus na dyurnalismo, hindi pang-isahan lamang ang patimpalak, kalakip dito ag pangkatan na kung saan kakulanganng isa maaaring madamay ang mga kasama. Magbubunga ito ng di-kaiga-

igayang sitwasyon at maaaring pagkasira ng samahan na hahantong sa pagkatalo ng kupunan.

Hindi maipagkakaila na kaliwat-kanan ang mga pang-asignaturang kahilingan na ibibigay at isusumite bilang isang mag-aaral. Isa ito sa mga balakid na kadalasang nakakaharap at naging dahilan sa pagkakaantala at kakapusan ng oras sa lahat ng bagay na nangangailangan ng agarang aksiyon na matapos ang sinusulat na mga artikulo sa mga isyung tinutukan.

Oras ang pinakapangunahing kalaban sa larangang ito. Paglaan ng panahon at badyet ng oras ang dapat bigyang din nang sa gayun maiwasan ang paghahabol na matapos ang gawain nang hindi tiyak ang kalalabasan.



BASAHIN, INTINDIHIN

Aspetong Mental, Pahalagahan

ni Clark Renconada

Ika nga ni, Michael Pritchard, “Ang pinakamapanganib na bilangguan ay ang isang isip pang nakakulong sa takot.”

Sa makabagong panahon, hindi maikakaila na mas dumami ang kabataang nakararanas ng matinding anxiety at iba pang isyung pangkaisipan. Subalit ano nga ba ang ugat ng problemang ito, at paano natin ito matutugunan?

Ayon sa World Health Organization o WHO, 16% ng mga bata sa Pilipinas ay may pinagda-ranang mental health disorders. May mga dahilan kung bakit nagka-karoon ng mga kasong ito. Una ay ang pressure mula sa paaralan—ang taas ng inaasahan sa mga kabataan, mataas na grado, sunod-sunod na mga proyekto, at mahigpit na deadlines ay nagdud-ulot ng labis na pag-aalala. Halimbawa, ang isang estudyanteng nangangarap makapasa sa mga pagsusulat ay maaaring magpuyat nang sobra-sobra at mawalan ng kumpiyansa sa sarili.

Bukod dito, ang masamang epekto ng social media gaya ng Facebook, Instagram, at Tiktok. Sa bawat scroll ay maraming kabataan ang nagiging biktima ng comparison culture. Naghahambing sila ng kanilangsarili sa mga nakikita nilang perpekto ng buhay ng iba, na kadalasang pekeng ipinapakita lang sa social media. Halimbawa nito ang isang dalagita na nawalan ng gana sa sarili niyang hitsura dahil palagi siyang nakakikitang ideyal na katawan sa onlayn.

Dagdag pa rito ang kawalan ng bukas na komuni-kasyon sa pamilya. Sa ibang tahanan, hindi natutugunan ang emosyonal na pangangailangan ng kabataan. Kapag ang isang bata ay nagbigay ng senyales ng lungkot o

pagkapagod, madalas na sinasabi-han lang sila ng, “Mahina lang ang loob mo.” o di kaya’y, “Wala kang karapatang magreklamo.” Sa ganitong paraan, ang mga kabataan ay natutulong itago ang kanilang nararamdaman, na nagiging daan sa mas malaking problema.

Sa kabutihang palad, ang bagong Matatag Curriculum ay naglalayong magkaroon ng sagot sa problemang ito. Sa pamamagitan ng pagbawas ng sobrang daming aralin, nabibigyan ang kabataan ng mas maraming oras upang magpahinga at maglaan ng panahon para sa sarili. Kasama rin sa kurikulum ang pagtuturo ng life skills na tumutulong sa mga mag-aaral na harapin ang stress sa positibong paraan.

Sa kabuuan, ang presyur sa paaralan, masamang epekto ng social media, at ang kawalan ng bukas na komunikasyon sa pamilya ay maaaring matugunan ng Matatag para sa kabataan. Bilang kaba dapat ang ay

Dibuho ni Morica Castulo

INFOGRAPIKS

ISTADO NG MENTAL HEALTH NG MUNDO



Bawat bagay ay may gabay na dapat sundin ng kung sino man, mula sa sariling tahananhanggang sa mga pampublikong lugar. Isa na rito ang paaralan, na kung saan hindi lamang pang-akademikong aralin ang natututunan kundi pati ang mga dapat taglay na ugali ng isang mamamayan.

Sa tuwing mayroong pagsusulat, agad na babasahin at sasagutan ang mga katanungan pagkatapos sulatan ng pangalan ang papel. Karamihan sa mga mag-aaral ngayon ay ganito, di-retso lang sa pagsagot nang hindi pinagtutugunan ng pansin ang panuto.

Maging ako, hinding-hindi ko malilimutan ang pagsusulat namin sa isang asignatura na kung saan aksidente kong naisulat ang sagot sa halip na bilugan lamang ang maling salita. Dulot nito ang inaasahang malaking puntos ay hindi nakuha, kaya naman tinatak ko sa aking isipan ang pagbabasa ng panuto.



Ayon pa sa ilang guro, “Instructions are part of the test.” mahalagang ugalin ang pagbabasa upang maiwasan ang hindi pagkakaintindihan at pagkalagay sa alanganin. Napapakita nito ang kakayahang sumunod ng isang estudyante.

Hindi lamang ito nangyayari sa loob ng silid-aralan, maging ang mga tuntunin gaya ng hindi pagtapon ng basura sa kung saan-saan at iba pang nakapaskil sa bawat sulok ng paaralan ay ilan lamang ang pumapansin. Kaya naman, napagsasabihan dahil sa maling ginawa.

Bilang mag-aaral, malaki ang naitutulong ng maig-ing pagbabasa lalo na’t isa ang direksyon sa batayan ng pagmamarka. Hindi ko maiwasan mabahala sa magig-ing epekto sakaling magpapatuloy ang ganitong gawi. Kung ang simpleng kautusan nga ay pinapadaan lang sa kabilang tainga, paano na lamang ang mga alituntunin ng bansa?

OPENForum

ANG GINTONG DIWA @anggintongdiwa

Ngayong naimplementa na ang MATATAG Curriculum sa mga Baitang 7,8,at 10, ang mga CaraSciens ay nagpalabas ng kanilang mga iniisip sa panibagong sistemang ito.



Ano-ano ang mga bagay na iyong masasabi sa implementasyon ng MATATAG Curriulum?

Addie Jabagat @8-Linnaeus

Ang tagumpay ng MATATAG Curriculum ay nakasalalay hindi lamang sa disenyo nito kundi sa maayos na implementasyon, sapat na suporta, at pakikisa ng lahat ng stakeholders.

Nec Abujejo @9-Dalton

Nakakapagod dahil maraming takdang aralin ang binibigay bawat araw pero kakayanin na lang namin.

Trisha Cuadrillero @10-Einstein

Masasabi ko lamang na ito ay nakakapagod lalo na’t parang hinahabol ang oras bawat subject. Karamihan rin sa mga estudyante ay nahihirapan mag adjust sa MATATAG CURRICULUM.

Ano-ano ang iyong magiging suhestiyon para sa ikauunlad ng nasabing kurikulum?

Isabel Ladaga @7-Lavoisier

Ang magiging suhestiyon ko ay dapat ito ay siguraduhing nakatuon sa balanseng kaala-man, praktikal na kasanayan, at pangangailangan ng mag-aaral sa tunay na buhay.

Addy Jabagat @8-Linnaeus

Mainam na maglunsad ng mentorship sa mga bagong guro at ang mga bihasa na ay magbabahagi ng kanilang karanasan at mabisang estratehiya sa pagtuturo.

Jollien Zabala @10-Bohr

Kailangan mabigyan ng maayos na training yung mga teachers tungkol sa kurikulum. Importante na makinig ang kagawaran sa suggestions ng teachers, parents, at students para maayos agad kung may problema. At siyempre, bantayan kung effective ba talaga yung curriculum at siguraduhing swak ito sa pangangailangan ng mga estudyante.





PAMBANSANG ISYU

TIWALANG NAWAWALA

ni Maynard Jovita

Dibuho ni
Keanne Cedro

Naging mainit sa social media ang kamakailang online press conference ni Bise-Presidente "Inday" Sara Duterte patungkol sa mga alegasyong maling paggamit niya sa confidential funds ng Office of the Vice President (OVP) at Department of Education (DepEd) noong ika-23 ng Nobyembre sa House of the Representatives. Bagaman mas maliwanagan ang kamalayan ng lahat sa isyung politikal, subalit kaakibat nito ang masamang epekto sa moralidad at pananaw ng kabataan sa kasalukuyang kalagayan ng bansa.

Inilabas ni Inday Sara ang kaniyang saloobin sa mga ginigiti na alegasyong korapsyon sa badyet ng OVP at DepEd sa kaniyang panunungkulan. Pinaglaban ng bise-presidente ang kanilang karapatan at sinabing hindi marunong mamuno ang nakataas sa paglalabas ng mga sensitibong impormasyon tungkol kay Speaker of the House of Representative Martin Romualdez, First Lady Liza Araneta Marcos, at Pangulong Ferdinand Marcos Jr. Sinabi ni Inday Sara na mayroong siyang inutusan upang patayin ang buhay ng pangulo kung sakaling siya ay mamatay, upang masigurong makaganti siya kung sino man ang magtatangka sa kaniyang buhay.

Ngunit nakababahalang isipin na sila mismo ang nagpapatay sa harap ng marami. Matatandaang matagal nang mayroong tunggalan sa pagitan ng dalawang pinakamataas na pinuno sa bansa sa puntong umabot na sa ganitong sitwasyon—bigat na lubusang makaapekto sa moralidad ng kabataan. Marami ang nagsabi na masamang ehemplo ang asal ng bise sa mata ng mga Pilipino dahil sa walang alinlangan nitong pagmumura at agresibong pananalita

sa harap ng midya.

Bukod pa rito, hindi na bago ang mga away politika sa bansa lalo na sa social media kung saan normal na ito sa kabuhayan ng mamamayan at ginagawang katatawanan na lamang ang isyu. Nagpapatunay ito ng masamang epekto bilang isang responsableng mamamayan, ngunit sa katapusan, wala rin naman tayong magagawa kundi bumoses dahil sa antas ng kapangyarihan. Mararaming mamamayan, maging ang kabataan ay kumakalas na lamang sa mga nagaganap sa pamahalaan at kakaunting pansin ang inilalaan.

Hindi rin maikakaila na maraming bilang ng Pilipino ang hindi na naniniwala sa pamahalaan. Mahirap paniwalaan ang mga sinabi ng bise-presidente batay sa bidyo dahil walang ebidensya at salita lamang ang ipinataw dito. Unti-unting nawawalan ng pag-asa ang mga kabataan sa maunlad na kabuhayan. Mahihirapang ibalik ang tiwala ng mga sibilian kung ang mga nakauupo mismo ang nagkakagulo sa kung sino ang may sala o wala.

Samakatuwid, hindi naging maganda para sa moralidad at pananaw ng kabataan ang naging asal at pananalita ng bise presidente sa kumakailan niyang online press conference. Bilang isang naataasang mamuno ng milyon-milyong Pilipino, mas mainam na maging sensitibo at maingat sa pagdala ng sarili sa harap o likod ng kamera. Mas nakabubuti ring solusyonan ang mga kontrobersyal na isyu sa pribadong proseso na walang mga bata ang makasisilay sa mga masasamang impluwensiyang ipinaakita. Ugaliin ang pagiging responsable sa pagkilala ng bagat na kaakibat sa bawat aksyon at salita.


Magsisilbi itong aral sa sino man kung nanaising manatili ang tiwala ng mga sibilian at pamahalaan tungo sa nagkakaisang bayan.

cians na pumili ng aspetong ninanais nilang tahakin sa hinaharap. Ito ay esensyal sa mas tugmang career path at career choice na naaayon sa kanilang interes, kakayahan, at iba pang mga salik na dapat hindi ipagsawalang-bahala. Flexible learning at inclusive education ang ninanais ng mga mag-aaral.

Higit pa dito, depensa rin ng mga SHS students, marami ang mga nagkakadarapang makapasok sa CRSHS dahil sa de-kalidad na edukasyong maibibigay nito. Sa madaling sabi, pwede naming magiging pantay ang pagtutuin nito sa lahat ng strands nang masemeto ang ngalan ng paaralan sa mas maatas na lebel.

Kaya, nararapat lang na imbes pagtuunan ang pagbabawas, paunlarin ang lahat ng programa. Pagbutihin ang pagtuturo sa lahat ng mga asignaturang nakaangila dito lalong-lalo na may mga core subjects pa rin ang HUMSS at ABM na may kinalaman sa agham. Sa madaling salita, maging kasiya-siya ang paglalapat ng mga konsepto ng naturang learning area nang maataas ang interes ng mga Carascians dito.

Dahil kung hindi, pawang pagbabatikos lamang ang matatanggap ng paaralan at lalong mahuhumaling ang kabataan sa ibang aspeto.

Dibuho ni
Morica Castulo

NAKAKAPANIBUGHONG PABABAGO

Pagkukulang, Kanino?

ni Maynard Jovita

Sa paglipas ng panahon, tila iniwan na ng makabagong henerasyon ang wastong pag-uugali at paggalang lalo na sa loob ng mga paaralan. Nanatiling misteryoso ang ugat sa likod ng nakataas kilay na kabastusan ng mga mag-aaral sa mga guro, maging sa mga patakarang institusyong kinabibilangan.

Nagmistulang kalasag sa mata ng kabataan ang itinatag na Batas Republika (RA) 7670 o mas kilalang Act Providing Stronger Deterrence and Special Protection of Children against Child Abuse, Exploitation and Discrimination, kung saan ay protektado sila sa lahat ng uri ng pananakit at pang-aabuso. Isa itong malaking hakbang upang masiguro ang kapakanan ng mga bata sa loob at labas ng tahanan.

Ngunit, naging daan lamang ito sa paglaki ng ulo ng mga kabataan upang abusuhin laban sa kung sino man—kabilang ang mga guro. Dahil sa talim ng ngipin ng batas na ito, nalagay sa takot ang mga kaguruan na matanggalan ng lisensya kung magreklamo ang mga mag-aaral sa awtoridad kahit na dinidisciplina lamang. Laganap din ang patuloy na pagsuway ng mga mag-aaral kagaya ng mga "dress code" at pandaraya sa loob ng silid-aralan.

Dagdag pa rito, maraming estudyante ang isinasawalang bahala ang mga asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao at Relihiyon, sapagkat hindi ito kabilang sa pangunahing subjects. Sa puntong binago na ito at ibinalik ang Good Manners and Right Conduct sa mga elementarya gamit ang Matatag Curriculum nitong 2023.

Higit sa lahat, dahil mas napaigting ang malayang pamamahayag ng kabataan, tumaas ang kanilang loob upang bumoses sa lahat ng isyu o kahirapan. Mas pinadali pa ito sa paggamit ng makabagong teknolohiya, karaniwan ang social media para makilahok sa mga gulo.

Tumayong sandata ang malayang pamamahayag upang abusuhin ng kabataan ang kanilang maling hangarin at kagustuhan.

Sa lahat-lahat, laganap ang nakaaalar-mang katigasan ng kalooban na walang disiplinang binabatayan ang kabataan kasabay ng walang tigil na pagtakbo ng panahon. Marami ang nagtataka sa kadahilanan ng pagiging suwai at kabastusan ng kabataan kung ito ba ay dulot ng nagprotektang batas? Kakulangan sa pagtuturo ng wastong pag-uugali? O di ba kaya'y ka kulangan ng disiplina mula sa tahanan?

Bilang isa sa kabataan, sino ang dapat sisihin? Higit sa lahat ikaw ang nakaaalam sa iyong sarili at kinalakihan.

Dibuho ni
Keanne Cedro

Infograpika

Kamakailan lang ay naglabas ng pahayag si DepEd Secretary Sonny Angara ukol sa pagbabawas ng mga core subjects na ituturo sa mga Senior High School students upang magbigay-daan sa Work Immersion. Ito ay isasagawa upang maging "employable" na ang mga kabataan.



ISYUNG TOTOO, IHAHATID SA INYO

Opisyal na Pablikasyon ng Caraga Regional Science High School

TOMO XX BILANG 1

Taong Panuruan 2024-2025 • HULYO 2024 - ABRIL 2025

Tagumpay SA GININTUANG PAGLALAKBAY

ni Jaione Zulieta

Puyat man kagabi sa inasikang lesson plan, maaga pa ring bumabangon para ibahagi sa mga mag-aaral ang taglay na karunungan.

Sa kabila ng pagod sa araw-araw na pagtuturo sa skwelahan, patuloy nilang ginagampanan ang tungkulin bilang haligi ng edukasyon. Hindi alintana ang personal na mga sakripisyo kahit bitbit ang bigat ng responsibilidad ng kanilang propesyong puno ng hamon. Ito ay patunay sa dedikasyon ng mga guro't kawani ng DepEd, mula sa mga aktibidad na kailangang pagplanuhan at mga estudyanteng uunawin at tuturuan.

Ang diwa ng pagtutulungan ng organisasyon ay nagpapakita ng hindi lamang kanilang tagumpay, kung hindi pati na rin ang kanilang hindi matatawarang serbisyo sa larangan ng edukasyon. Ito'y masisilayan sa selebrasyon nila ng ika-limang dekadang anibersaryo noong Oktubre 10 - 11, 2024 na may temang "DepEd Surigao City @ 50: Glitters of Successes in Casting the Apex of Excellence".

Isang motorcade kung saan ang mga sasakyang puno ng dekorasyon ay naglakbay sa siyudad pagkatapos ng Thanksgiving Mass sa Provincial Gym na kung saan ang banal na misa ay nagsilbing isang makabuluhang sandali upang magpasalamat sa mga biyayang natamo at mga pagsubok na nalampasan.

Sunod-sunod na mga pangyayari ang nagpatingkad at nagbigay ng kasiyahan. Isinagawa ang Cheer-dance Competition at SportsFest kung saan nagtagisan ng talento at tibay ang mga guro mula sa bawat distrito. Ang mga ito ay hindi lamang isang palakasan, kundi nagbibigay-diin sa halaga ng samahan na nagpapatibay

sa diwa ng pagkakaisa. Inumpisahan naman ang pangalawang araw ng kaganapan sa pamamagitan ng Fitness Advocacy Run na sinundan ng isang seremonyang nababalot ng sinag, ito ay naghahatid ng mensahe tungkol sa liwanag na dala ng DepEd Dibisyon ng Surigao sa bawat estudyanteng kanilang ginagabayan at patuloy pang paglilingkuran para sa kaunlaran ng bayan.

Sa kabila ng dalawang araw ng walang tigil na aktibidad, ang kapaguran ay unti-unting napalitan ng kasiyahan habang nagtitipon ang lahat sa huling bahagi ng selebrasyon. Sa ilalim ng mapusyaw na liwanag ng dapit-hapon, nagkaroon ng pagkakataon ang mga guro at kawani na magpahinga at magkuwentuhan.

Lahat ng dumalo ay nagmistulang kumikinig sa kanilang gintong kasuotan. Sa bawat awit, matatanaw ang kanilang kagalakan sa nakamit. Sa bawat mukha, mababanaag ang kaligayahan na naging bahagi sa paglalakbay tungo sa tagumpay ng ahensyang kinabibilangan.

Sa kanilang limampung taon, ang ginto ay hindi lamang isang kulay, sa halip ay simbolo ng lahas, tibay, at dedikasyon ng organisasyon. Tulad ng gintong hindi kinakalawang, patuloy nilang itatayo ang pundasyon para sa susunod na henerasyon.

LATHALAIN 11

GABING PUNO NG ALAALA

ni Preenlope Enot

Mala prinsesa at prinsipe ang datingan at mga nakakamanghang awrahanang naghari sa Philippine Gateway Hotel, Surigao kung saan ginanap ang CRSHS Acquaintance Party na may temang "Once Upon a Dream" noong Agosto 28, 2024.

Bawat isa ay bida sa kanilang kasuotan na may iba't-ibang kulay mula sa malambot na rosas hanggang sa matingkad na asul. May mga buhok nanakaligay at nakatali, pinalamutian ng mga bulaklak at kumikinig sa korona. Hindi rin nagpahuli ang mga kalalakihan na nagsuot ng eleganteng gayak na mayhawak na espada na sumisimbolo sa kagitingan.

Sinimulan ito nang engrang deng sayawan, mga kasuotan na tila'y sumasabay sa ritmo ng musika. Sa bawat hakbang kapansin pansin ang kahanaga-hangang galawan. Ang mga mukha ay puno ng saya. Makikitang nagkukwentuhan, nagtawanan, at nagkakilala nang di inaasahan.

Pinangunahan ng Boy Scout of the Philippines ang march of colors na sinundan ng panalangin at pagkanta ng Lupang Hinirang ng Glee Club. Nagbigay din ng pangunahing

mensahe ang punong guro na si Maria Ruth R. Edradan, Principal IV "Enjoy the gathering and have fun and mingle with each other", ika niya. Naghiyawan at nagpalakpakan ang lahat kasabay ng masayang pagbati sa isa't-isa.

Nagpakitang gilas din ang mga grupo sa kanilang mga talento, katulad ng pagkakataon na ipakita ang kanilang mga natatanging kakayahan.

Okasyong nagbigay ng magandang hangarin sa kanila na mag-isip sa pangarap at tagumpay. Ito ay hindi lamang isang pagdiriwang, kundi isang pagkakataon na magtayo ng mas malakas na komunidad sa paaralan. Bagong pagka-kaibigan na nabuo ay silbing sandigan nila sa paglalakbay.

Sa pagtatapos ng gabi, nag-uwi ng masayang alaala. Gabing hindimailimutan ng lahat. At paalala na ang buhay ay hindi puro problema at lungkot, kagaya ng mga kristal na nagkikislapang ang buhay ay mga mukha na nagpapakita ng kagandahan at pananaw sa gitna ng dilim at mga bulaklak na namumukadkad sa bawat pagsikat ng araw.

HAGUPIT NG KALIHASAN:

PAGSUBOK SA PILIPINAS

ni Precious Bongato

Sunod-sunod na dumating ang mga bagyong Kristine, Leon, Marce, Nika, Ofel, at Pepito, na tila mga halimaw na humahampas sa baybayin ng Pilipinas.

Bagamat hindi bago ang mga bagyo sa bansa, ang kanilang tila walang katapusang pagdating ay nagdala ng takot at pangamba. Ayon kay Joey Figuracion ng PAGASA, "While typhoons are normal in this region, the rapid succession is alarming." Sa likod ng mga salitang ito ay ang sigaw ng

kalikasan hanggang sa kasalukuyan. Kahit gaano katatag ang

mga Pilipino, ang sunod-sunod na bagyo ay tila isang malaking pagsubok sa kanilang katatagan. Nawasak ang mga tahanan at ang mga pananim ay naging alikabok sa hangin.

Maraming pamilya ang nawasak ang pangarap, at sa isang iglap, ang kanilang mga buhay ay nagmistulang isang bangungot. Sa kanilang muling pagbangon mula sa mga pinsalang dulot ng mga unos ay tila pag-akyat sa isang matarik na bundok, puno ng sagabal at paghihirap.

Kasabay ng malalakas na


bagyo ay ang matinding epekto ng climate change, na tila isang masamang anino na humahabol sa ating mga komunidad.

Pagtaas ng temperatura ng karagatan ang nagiging sanhi ng pagbuo ng mga bagyong tila mga ulap na nagdadala ng panganib. Kung hindi mapipigilan, ang mga hindi pangkaraniwang kaganapan sa panahon ay maging bagong normal, tulad ng isang masalimuot na kwentong walang katapusan.

Mga gawain ng tao, tulad ng pagputol ng mga puno at labis na paggamit ng fossil fuels,

ay nagiging sanhi ng pagkasira ng ating kalikasan. Pagkasira ng mga kagubatan ay nag-aalis ng likas napananggaling ng ating mundo laban sa masamang epekto ng climate change.

Hindi sapat ang mga salita kinakailangan ang konkretong aksyon. Sunod-sunod na bagyo ay tila isang malupit na guro, nagtuturo ng mahahalagang aral. Kung sama-samang magtutulungan, makakabuo ng mga sustenableng hakbang at solusyon na hindi lamang para sa kasalukuyan kundi para sa susunod na henerasyon. Sa ganitong paraan, ang takot at pangamba ay maaaring mapalitan ng pag-asa at kapanatagan, habang ang mga komunidad ay bumangon mula sa mga pagsubok na dala ng kalikasan.



PLEDGE NIGHT

LIWANAG, MABABANAAG

ni Jamaica Anonuevo

Hindi pa litaw ang sinag ng araw, ngunit ang bawat sulok ng CRSHS ay puno na ng liwanag—liwanag ng dedikasyon, pag-asa, at pagkakaisa.

Naging tradisyon na ng CRSHS ang pagkakaroon ng tinatawag na Pledge Night tuwing sasapit ang ikatlong araw ng Science Encampment. Binubuhay nito ang pananabik ng bawat estudyante, isang gabi ng solemnidad na sumasalamin sa diwa ng agham at pagkakapit-bisig ng isa't-isa. Walang dudang inaabangan ito taon-taon, at nitong ika-3 ng Oktubre 2024, tagumpay na naisakatuparan ang pinakahi-hintay na aktibidad na ito.

Abala ang bawat isa sa paghahanda—mula sa simpleng dekorasyon hanggang sa detalyadong programa. Ang mga StaffSci, sa ilalim ng Pollice Verde Collective (PVC) at STEM Guild, ay nagsikap na gawing makabuluhan ang bawat sandali ng kaganapan. Makikita ang pagsisikap ng mga opisyal sa mga hugis parihabang parol na bumabalot sa school field—wari'y mga talang nagbibigay liwayway sa madilim na kalangitan.

Sa pag-angat ng kanang kamay at sa taos-pusong pagbigkas ng mga pangakong salita, hindi lamang nito nasasalamin ang pagpapatibay ng samahan ng bawat isa, kung hindi nagpatatag pa sa diwa ng pagiging Carascian at miyembro ng Philippine Society of Youth Science Clubs (PSYSC). Ayon pa kay Troy Xandre Dela Peña, Presidente ng PVC, "Through citing the pledge whilst holding their candles on the solemn practice, it certifies their commitment of being

Carascians, being scientifically inclined, and members of the organization."

Dagdag pa niya, higit pa sa pagiging maluwag sa kalooban ang pangako ng mga mag-aaral na mas paglinangin pa ang puso sa agham. "It guaranteed that they were more than willing to commit to being scientifically inclined, science oriented, with the highest level of competence," ani Dela Peña.

Bagama't kagaya ng iba, ang aktibidad na ito ay hindi perpekto at may mga naging kakulangan; ngunit nababakas pa rin sa nagkikislapang mga mata, sa mga nagliliwanag na ngiti, at sa apoy ng mga kandilang ayaw magpaawat sa kasasayaw ang kasiyahan sa pagiging bahagi ng gabing hiding-hindi makalilimutan—bagay na nagsisilbing tagumpay para sa mga taong nasa likod nito.

Sa kabila ng pagod at hindi mabilang na pagkabigo sa mga nakaraang gawain sa SciCamp, hindi nito matatabunan ang determinasyon at pag-asa ng mga mag-aaral na patuloy na lumaban at magtagumpay. Ang bawat hakbang, gaano man kahirap, ay nagbibigay ng mas matibay na pundasyon para sa pagkatuto. Ang pagsisikap at hindi pagsuko ang tunay na diwa ng kanilang karanasan sa SciCamp, lalo na sa Pledge Night, na siyang nagbibigay-inspirasyon at nagiging gabay sa kanilang mga susunod na paglalakbay sa larangan ng agham at edu-

kasyon.

Tulad ng mga tala sa kalangitan, ang mga kandila't parol ay nagsilbing paalala na sa kahit anumang hamon, may panibagong liwayway na darat-ing. Sa bawat pagtapak tungo sa kinabukasan, tandaan na sa likod ng kadiliman, ang liwanag ay mababanaag.

Magandang destinasyon sana ang kanilang mapuntahan pero, sa hindi inaasahan nauwi sa huling hantungan.

Kalunos-lunos ang sinapit ng mga estudyante at ilang guro ng Wat Khao Phraya Sangkharam School sa Uthai Thani province matapos sumiklab ang sinsakyang bus sa high way sa hilaga ng Bangkok hanggang bumangga ito. Nakatakda sana silang mag-field trip sa isang electricity plant ngunit nauwi sa trahedyang pagkasa-wi ng 20 na mga batang estudyanteng nasa grade 3 at tatlong guro. Samantala, 19 na bata at tatlong guro ang nakaligtas. Makikita sa mga lumabas na kuha ng CCTV na agarang lumabas ang driver ng bus na si Saman Chanput na sinusubukang apulahin ang apoy gamit ang fire extinguisher pero tumakas nang patuloy sa paglaki

ang apoy. Nakonsensya at sumuko rin si Chanput na nahaharap sa mga kasong reckless driving causing deaths and injuries, failing to stop to help others at failing to report the accident.

Ayon pa sa opisyal na isang natural gas vehicle (NGV) ito. Lumalabas naman sa imbestigasyon na sumabog ang isa sa mga gulong sa may harapan. May depensa naman ang bus company na siniguro nilang maayos ito bago ang field trip. "We didn't see any problems with the bus prior to the incident," sabi ng Chinnaboot Tour Company, pamunuan ng bus. "The gas system is installed properly and the vehicle undergoes routine inspection and maintenance," dagdag nito.

Labis ang paghihinagpis ng mga magulang at mga kaanak sa nangyari. Masakit para sa kanila na wala silang nagawa upang mailigtas ang kanilang mga anak. Sumisigaw ng hustiya ang bawat pamilya, managot ang dapat managot sa incidente.

Buong bansa ay nagluksa sa mga buhay na nasayang. Nangako ang gobyerno ng Thailand ng tulong at pananagutin

ang may sala sa trahedyang. Hindi na ito karaniwang pangyayari, maging sa bansang Pilipinas. Ito ay silbing leksiyon sa bawat pamahalaan na gumawa nang mabisang solusyon upang maagapan at huwag hintayin na maulit pa.

Sa huling sandali, nagbilin naman sila ng masasayang alaala sa kanilang mga mahal sa buhay, dala ang sakit at panghihinayang. Inosenteng mga tsikiting at mga gurong ngiti nakaabot sa nais na hantungan ngunit umabot sa kanilang kamatayan.



kuha ng UCA News

kuha ng BBC News

MERCEDES

Dibuho ni Morica Castulo

TAOS- PUSONG PASASALAMAT

ni Prenelope Enot

Sa kasagsagan ng saya, ang paaralan ay nagmistulang pugad ng sorpresa.

Binalot ang CRSHS sa sigla, sa isang araw na puno ng pasasalamat noong Oktubre 4, 2024. Mula uncovered Court hanggang silid-aralan, sila mag handog ng masiglang sayaw, nakakaantig na kanta, at mga tulang sumasalamin sa pagpapahalaga sa sakripisyo at dedikasyon ng mgaguro.

Bukod sa mga kaganapan sa court, nagpatuloy ang kasiyahan sa bawat silid, kung saan ang mga guro ay sinalubong ng mga espesyal na handog. ay nagkaroon ng sariling pamamaraan ng selebrasyon, bawat klase ay nag-organisa ng munting salu-salo. Mga simpleng palamuti handang pagkain at mga mensahe sa kartolina at pisara ay simbolo ng pagmamahal at respeto.

Sa loob ng klasrum, may

tawanan, kuwentuhan, at nag Tiktok kasama ang kanilang taga paturong. Labis naman ang saya ng mga guro, sa mga handog. Para sa kanila, hindi na mahalaga sa kung gaano ka bongga. o ka simple, ang importante ang mga leksiyon na natutuhan dahil kasiyahan para sa kanila ang magturo lalo na pag ito ay may magandang resulta.

Ito ay hindi lamang pagkakataon para sa kasiyahan, kundi pati na rin sa pagpapakita ng tunay na halaga nila sa buhay ng mga estudyante. Muling napatunayan ng mga guro ng CRSHS na sila ay mga bayani, inspirasyon na nagpapaalab ng liwanag sa daan tungo sa kinabukasan bawat mag-aaral.



ni Jamaica Anonuevo

Bahagi na ng buhay ng mga mag-aaral ang mga paaralang humubog sa kanilang pagkatalo, mula sa unang araw ng elementary hanggang sa pagtatapos ng kolehiyo. Saan man tayo makarating, isang kahihyan ang hindi pagtanaw sa ating pinagmulan.

1 TAGPO SA PASILYO

Kahit saang bahagi ng eskwelahan, masisilayan ang mga pasilyong iba't ibang dako ang paroroonan. Papunta man sa mga silid-aralan o sa mga lugar na kailangan nating puntahan, nagsisilbi itong gabay upang makarating sa ating patutunguhan. Ang mga sulok nito'y nagpapaalala sa mga tawanan at kwentuhan sa tuwing tayo'y dumadaan, maging ang mga iyan lalo na pagkatapos ng pasulit.



kuha ni Alois Makinano

2 SUROY SA ECO MINIPARK

Sa mga lugar na pwedeng pagtambayan sa CRSHS, unang-una sa listahan ang EcoPark. Ang nakabibing pagaspas ng mga dahon sa parke ay nagbibigay ng kakaibang katahimikan na nagpapagaan sa ating pagod mula sa mga gawain.

Hindi lang ito lugar para sa magkakabigan o gustong mapag-isa, suki rin ito ng mga filming o ensayo para sa performance task, gayundin ang ginaganap na rosaryo sa buwan ng Oktubre. Ang bawat memorya sa lugar na ito ay naitatala sa lilim ng mga punong saksi sa mga pangarap na ating ibinubulong.



kuha ni Alois Makinano

3 SILIP SA COURT

Ang court ay parang entablado—minsan bida ka, minsan rin ay extra. Covered o uncovered—hindi lamang ito isang espasyo para sa mga pisikal na aktibidad, ito ang puso ng mga kaganapan sa CRSHS. Mula sa pagsasagawa ng flag ceremony tuwing Lunes ng umaga, pagsasanay para sa mga gawaing pang-akademiko kagaya ng sayaw, mga larong pal-akasan, mga pampaaralang gawain, hanggang sa pag-eensayo para sa graduwasyon. Nawalan man ito ng silong matapos ang Bagyong Odette, tila ito nama'y naging tahimik na testigo ng tagumpay, pagkatalo, at pagbangon ng mga Carascians.



kuha ni Alois Makinano

4 KARUNUNGAN SA SILID AKLATAN

Isang payapang silid ng mga libro, santuwaryo ng mga tao. Bawal ang pag-iingay, ngunit umaalingaw-ngaw ang tinig sa isipan ng mga mag-aaral—ang nais lamang ay mas mapaunlad ang sariling kaalaman. Ginagawang tulugan kapag malamig ang panahon, takbuhan naman sa mga oras na gusto nating mapag-isa. Lahat ng mesa at upuan ay nagsisilbing tagpuan ng ating mali-liit na pangarap; sa isang sulok ay may mga karunungan napauunlad.



kuha ni Alois Makinano



Kabataan Hinikayat na Mag-STEM

ni Precious Bongato

Isa sa programang inilunsad ng Department of Science and Technology — Science Education Institute (DOST-SEI) na responsable sa paglikha at pagpapalaganap ng mga programang pagkatuto sa siyensya at teknolohiya ang NuLab: STEM in Motion Campaign.

Kampanya ito na naglalayong manghikayat sa mga mag-aaral sa Sekondarya na kumuha ng kursong napapabilang sa larangan ng Science, Technology, Engineering, at Mathematics (STEM) sa pamamagitan ng mga lektiyur, hands-on activity, at pamamahagi ng babasahin para sa kabataan at mga magulang.

Piling 23 mag-aaral ng Senior

High School - Grade 11 at Junior High School - Grade 10 ng Caraga Regional Science High School (CRSHS) na may kasamang dalawang guro na sina Gng. Imee D. Mantilla at G. Rovillo P. Pecante ang inimitahan na lumahok sa NuLab Campaign noong ika-16 ng Nobyembre 2024 sa Provincial Sports Complex.

Nagkaroon ng pagkakataon na mas matuto pa ang mga kalahok sa Internet of Things (IoT) na lektiyur at hands-on activities na pinangungunahan ni Engr. Ryan D. Francisco. Nasubukan nilang gumawa ng mga madaling proyekto katulad ng running lights at servo motor sa pagpatnubay ni Engr. Francisco. Pahapyaw din na itinuro niya kung paano mag coding sa mga proyektong nabanggit gamit ang Arduino IDE application at C++

programing language.

Bukod sa mga leksyon na isinagawa, ipinaliwanag din ng mga kawani na namamahala sa aktibidad ang mga oportunidad na inaalok ng DOST-SEI sa mga mahirap na estudyante na nais mag-aral ng kursong nasa larangan ng STEM katulad na lamang ng Republic Act 7687

Scholarship Program at Junior Level Science Scholarship Program. Iginiit nila ang mga benepisyong matatanggap, kung ano ang kailangan, at paano ang proseso nang pag-aapply sakaling naisin ng mag-aaral na mapabilang sa kanilang scholarship programs.

Marami nang paraan at tunay ngang hindi hadlang ang kahirapan sa kabataang Pilipino sa lawak at dami ng mga scholarships na inaalok ng mga

kagawaran ng gobyerno.

Halimbawa sa mga natulungan ng mga scholarships na ito ay ang namamahala mismo ng NuLab Campaign, sila rin ay minsang naging mag-aaral na natulungan makapagtapos at matupad ang mga pangarap.

Ilan lamang ang kabataan mula sa CRSHS na napalawak ang kaalaman sa pamamagitan ng NuLab Campaign. Sa patuloy na pagbisita nito sa iba't ibang parte ng bansa ay masmadadagdag pa ang bilang ng mag-aaral na maeenganyo at matututo. Sa mga programang ito ng gobyerno, masisiguradong ang mag-aaral na Pilipino ay hindi mahuhuli at makakasabay sa daloy ng modernesadong mundo.



INJECT YARN

Protektado, Protektado: Bakuna Eskwela sa CRSHS

ni Precious Bongato

“Di na ta maguol” pahayag ng gurong si Gng. Sarah Pelaris, ang clinic-in-charge ng Caraga Regional Science High School (CRSHS) nang mailunsad ang Bakuna Eskwela sa paaralan noong ika-siyam ng Oktubre 2024 para sa mga mag-aaral ng ika-pitong baitang sa pangunguna ng mga kawani ng Department of Health (DOH) ng lungsod ng Surigao.

Nagdala ng pakiramdam ng kasiguraduhan ang gawaing ito para sa gurong kapaga niya na isa sa mga ikinababahalang ang kapakanan ng mga estudyante.

Isang school-based immunization program ang Bakuna Eskwela, ito'y naglalayong protektahan ang mga mag-aaral sa pangangibang na dala ng vaccine-preventable diseases (VPDs). Layunin ng DOH at Department of Education (DepEd) bago matapos ang buwan ng Nobyembre ay makamit ang 100 porsiyentong immunization.

Kasama sa mga bakunang natanggap ang Measles-Rubella (MR) na pangontra sa nakakahawang sakit na measles o tigdas na kadalasang naapektuhan ang kabataan,

ang mataas na lagnat, ubo, sipon, at pantal-pantal sa katawan, may pagkakatulad ang sintomas nito sa rubella kahit pa ibang uri ng virus ang nagdudulot nito.

Tetanus-Diphtheria (Td) naman ang isa pang klase ng bakuna na ibinigay, proteksyon ito mula sa hiwa sa balat maaaring magdulot ng tetanus o lockjaw — ang tawag sa sakit na nakakaapekto sa mga ugat ng katawan na nagreresulta ng pulikat sa kalamnan. At diphtheria naman, karamdaman na nakukuha sa pakikisalamuha sa iba, isang impeksyon sa lalamunan na humaharag sa daanan ng hangin na nagiging dahilan sa kakapusan sa paghinga.

Sa CRSHS, may nalalabing 37 sa kabuuang 143 na estudyante ang babakunahan bago matapos ang Nobyembre. Unang naturukan ang 76 na mag-aaral noong unang pagbisita ng mga kawani ng DOH at sumunod naman ang 30 pa noong ikalawang pagpunta nila, ika-apat ng Nobyembre 2024. Lahat ng mga lumahok sa vaccination activity ay may permiso at pahintulot ng kanilang mga magulang.

Noong nakapanayam si Gng. Pelaris, iginiit nito ang importansya ng pagiging bakun-

ado ng kabataan. “Good ra kay may mga estudyante bitaw na magdagan-dagan everywhere, mangasamad, at least safe na” turan nito. Maliban dito, tunguhin ng DOH at DepEd na mabawasan ang pagliban ng mga ito sa klase dahil sa sakit, at pigilan ang magkaroon ng disease outbreaks.

Kasabay nang unang paglulunsad ng DOH sa Bakuna Eskwela ang pagsasagawa ng medikal at dental check-up ng medical team ng Surigao City Division Office sa CRSHS. Isang paraan din ito ng Division upang matiyak na ang mga mag-aaral ay malusog at nakakatanggap ng serbisyong medikal at dental.

Patunay lamang na pinapahalagahan din ng DepEd sa pakikipagtulungan sa DOH ang kalusugan ng mga kabataan sa pamamagitan ng mga programang nabanggit. Sinasagawa ang Bakuna Eskwela at medikal at dental check-up upang masubaybayan at masigurado ng mga kawani ng kalusugan at edukasyon ang kalusugan ng katawan ng mga estudyante at malaman ang mga hakbang na kailangan upang mapanatili silang protektado.

kalikasan at inobasyon

P-OINK-sible

Mga Salita ni Peppa

ni Precious Bongato

Hindi na lamang si Peppa Pig ang baboy na nakakapagsalita.

Pinatunayan ng mga siyentipiko mula sa mga unibersidad ng Europa na walang imposible, nakalikha sila ng Artificial Intelligence (AI) algorithm na nakakapag salin sa mga tunog na ginagawa ng baboy. Ito'y naglalayong matulungan ang mga nangangalaga nito upang mas mapabuti ang kapakanan ng mga ito.

Ayon kay Elodie Mandel-Briefer, isang behavioral biologist sa Unibersidad ng Copenhagen at isa sa nangunguna sa pag-aaral, “While many farmers already have a good under

standing of the well-being of their animals by watching them in the pig pen, existing tools mostly measure their physical condition.”

Gamit ng mga siyentipiko mula sa mga unibersidad ng Denmark, Germany, Switzerland, France, Norway, at Czech Republic ang libo libong mga tala ng mga tunog ng baboy sa iba't ibang mga kaganapan, habang naglalaro, pinaghihiwalay at kompetisyon para sa pagkain. Napag-alaman nila na ang ungol, oinks, at squeals nito ay naghuhudyat ng positibo at negatibong emosyon.

Lumabas sa pag-aaral na ang maiikling ungol ay nagpapahiwatig ng positibong emosyon habang ang mahahaba ay

pagkabalisa. Habang ang matinitis na tunog tulad ng mga hiyaw na o tili ng mga baboy ay nangangahulugan ng stress, katulad na lamang kapag nagkakasakit, nag-aaway o nahiihiwalay sa isa't isa.

Ginamit ng mga siyentipiko ang mga datos na ito sa paggawa ng AI algorithm na mabilis na sinusuri at awtomatikong nagbubuklod bukod sa mga ito sa positibo at negatibong emosyon. Sa pamamagitan nito ay madaling nasasalin ang mga tunog upang maintindihan ng tao.

“Once we have the tool working, farmers can have an app on their phone that can translate what their pigs are saying in terms of emotions.”

Turan ni Mandel-Briefer

Upang makamitan ang pinakamataas na kalidad ng baboy sa pamilihan, higit pa sa pisikal nitong kalusugan ang nararapat bigyang pansin.

Kung ang iba't ibang lenggwage sa buong mundo ay may mga tagasalin upang maintindihan, ngayon, sa tulong ng AI ay nabigyang kahulugan na rin ang noo'y simpleng tunog na likha ng mga baboy.



paglago, pagbabago

TECH-GROW-LOGY

Pagbabago tungo sa Paglago

ni Precious Bongato

Pagbabago ang isang bagay na hindi nagbabago sa mundo. Lalo na sa mundo ng edukasyon, ito ay hindi mailwasan. Ang Caraga Regional Science High School (CRSHS) ang patunay na kayang sabayan ang hamon ng modernisasyon—isang kwento ng progreso at pag-asa para sa kabataang Pilipino.

Kilala ang CRSHS bilang institusyon na malaki ang pagpapahalaga sa kalidad ng edukasyon na ibinigay sa mga mag-aaral nito. Bilang hakbang sa mas pagpapabuti ng kanilang serbisyo, kamakailan lamang ay nagsagawa ito ng pagsasaayos sa mga pasilidad at pagdadagdag ng mga kagamitan upang magamit ng mga estudyante. Ibinida nila ang mga naging renobasyon sa nagtatapos na benchmarking activity ng Butuan City Division Association of Secondary School Heads (BDASSH) noong ika-12 ng Nobyembre 2024.

Kabilang ang Creative Technology Laboratory, Computer Laboratory, Makerspace, Library, at E-library sa mga imprastrakturang sumailalim sa pagpapabuti. Sa loob ng Creative Laboratory at Makerspace, makikita ang mga kabataan habang malikhaing ginagamit ang mga instrumentong tulad ng 3D Printers, Resin Printers, at Telescope. Naglalaman naman ang Computer Laboratory at E-library naman ay may 14 PC set, 85 laptops, 30 tablets, 2 Smart TVs, at 2 printers. Higit pa, may mahigit kumulang isang libong libro patungkol sa samu't saring paksa sa Library. Lahat ng mga kagamitan ito ay libreng nagagamit ng mga mag-aaral.

Maliban sa mga nabanggit, dahil sa Department of Information and Communications Technology (DICT), libre na ang WiFi para sa lahat ng mag-aaral ng CRSHS—isang hakbang patungo sa mas makabagong edukasyon. Sa tulong ng mga ito, hindi lamang tradisyunal na pag-aaral ang natututunan ng mga estudyante—kun' di natututo rin silang tumugon sa mga hamon ng modernong panahon.

Mula sa mga salitang binitawan ng Principal IV ng Libertad National High School at Presidente ng Principal's Association of Butuan City na si Dr. Ruel T. Gabor “Your Makerspace and Creative Tech laboratory are the facilities we would like to venture as we want to improve our Science and Technology education.” Patunay ito na hindi nabalewala at kapansin-pansin ang pagsisikap ng mga kawani ng paaralan kasama ang iba't ibang institusyon para mapaunlad ang mga kagamitan pangkatuto ng CRSHS.

Malaking bagay sa tagumpay ng gawain ang natanggap na mga donasyon ng paaralan mula sa iba't ibang mapagbigay na mga indibidwal at pangkat. Ilan sa mga ipinagkaloob sa CRSHS ang mahigit 1000 libro mula sa Rotaract Club of Central Cebu at ang tatlong PC set para sa Makerspace ng paaralan galing kay Gobernador Lyndon Barbers ng probinsya ng Surigao del Norte. Naging daan ang mga ito upang maging possible ang mga pagsasaayos na ginawa at mas mapalawig ang kaalaman ng kabataan gamit ang mga instrumentong ito.

Ayon sa isang sikat na mga katagang binitawan ni Dr. Jose Rizal “Ang kabataan ang pag-asa ng bayan” kung kaya't mahalagang bigyang importansya ang mga hakbang na magpapalago sa kanilang kaalaman at kasanayan. Sa patuloy na pagsisikap at pagtutulungan ng iba't ibang sektor ng gobyerno upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa bansa, hindi malayong katulad ng CRSHS, ang mga pasilidad at paaralan sa iba't ibang lugar ay makakasabay sa pagbabago na hatid ng modernong panahon. Isang testimonya ang mahahalatang positibong epekto ng mga pag-iigi at pag-upgrade sa mga instrumento sa mga mag-aaral na naging dahilan sa pagpukaw ng atensyon sa BDASSH upang magsagawa ng benchmarking activity. Sa pag-usbong ng makabagong mundo, uusbong din ang kaalaman at kasanayan ng kabataang Pilipino.

SOLU-SUAN

SA PABAGO-BAGONG KONDISYON NG SILID-ARALAN

ni Precious Bongato

Epekto ang pabago-bagong klima at temperatura sa Climate Change na nakakaapekto sa pag-aaral ng kabataan.


Bilang tugon ay nagsaliksik ng “Adaptive Thermal Comfort Model of DepEd Classrooms of Surigao City: A Case Study” si Lance C. Suan, isang mag-aaral ng Caraga Regional Science High School (CRSHS). Layunin nitong matulungan ang Kagawaran ng Edukasyon sa susunod na hakbang nito upang mapabuti ang kalagayan ng mga mag-aaral sa silid-aralan.

Sa pamamagitan ng pag-aanalisa sa temperatura, humidity, air velocity, CO2 levels, mga kasuotan, at mga gawain ng mag-aaral ay nakakalkula at natutukoy ng mananaliksik ang tamang thermal comfort level na angkop para sa mga mag-aaral. Isinagawa nila ito sa tatlong paaralan — CRSHS, Taft National High School (TNHS) at Rizal National High School (RNHS) — katuwang na ang mga estudyante nito bilang mga respondente ng kanilang survey.

Gamit ang 3-in-1 Portable Air Quality Monitor (CO2, Temperature, and Humidity Meter) at HABOTEST HT605 Digital Anemometer Portable Wind Speed Meter upang makakalap ng mga datos na kinakailangan, base sa tantya ni Suan ay matatapos ang pag-aaral sa loob ng anim hanggang pitong buwan.

Sa gabay ng kaniyang coach na si Gng. Claire Angelie G. Osorio at sa tulong nina Jamaica C. Añonuevo at Gwyneth Vaporoso, nanalo ang pananaliksik ni Suan sa kategoryang Mathematical Investigatory Project - Individual sa naganap na Regional Science and Technology Fair ng unang gantimpala.

Maliban sa mga aral na itinuturo, mahalagang bigyang pansin ang kalagayan ng estudyante sa silid-aralan lalo na ngayon na pabago-bago ang kalagayan ng panahon.





PAUGNAT SA KUSOG 2024

Nakamit, Higit pa sa tropiyo

ni Rhianna Crisologo

BANAAG NG PANGARAP. Sisindiha ng mga manlalarong nakasali sa Palarong Pambansa 2024 ang kawang nagsisilbing kapayapaan at pagkakaisa sa sinasagawang palaro ngayong Division Meet 2024, Surigao City, Nobyembre 13, 2024.

Larawan ni Makinano



2ND BEST

**PERFORMING
SECONDARY SCHOOL**



Surigao City – Nagningning ang Surigao City noong Nobyembre 13, 2024, sa makulay na pagbubukas ng Division Athletic Meet (DAM), na ginanap sa Surigao City National High School. Itinataguyod ang temang **“PAGPA-KITA NAN KATAKUS SA ISPORTS: HAGIT SA MGA ATLETA NAN SURIGAONON,”** ang kompetisyon ay nagsilbing malaking pagkakataon para sa mga atleta ng Surigao na ipakita ang kanilang kahusayan sa isports.

Sinimulan ang programa sa isang masiglang parada mula C.V. Diez hanggang Surigao City National High School, kung saan ito ay pormal na binuksan. Pinangunahan ng mga opisyal ng Department of Education (DepEd) na sina Gng. Marilou. Dedumo, Dr. Gilbert Gayrama, Gng. Larase, at Dr. Carlo Tantoy ang mga pagbati at mensahe ng inspirasyon sa mga atleta at taga-suporta.

“Welcome to our Paugnat sa Kusog 2024, Division Athletic Meet! This truly captures the spirit of this event. It is a call to showcase the exceptional talents and skills of our athletes of Surigao City division. This is not just about winning medals, but also demonstrating

sportsmanship, building camaraderie, and pushing your limits. May the best athletes emerge in victory!” - Vice Mayor Alfonso Casurra. Ang seremonya ng “Lighting of the Torch,” na simbolo ng pagkakaisa at sportsmanship, ay naging isa sa mga pinaka-inaabangang bahagi ng programa.

Ang torche ay pinangunahan ng Palarong Pambansa Gold Medalist na si Trisha Nicole Murilla, kasama sina Shaniah Vialle Marañá at April Sanoria Sumaylo. Ang pag-apoy ng torche ay nagsilbing hudyat ng simula ng kompetisyon at ng mga pangako ng tapat na paglalaro mula sa bawat atleta.

Sa buong tatlong araw ng kompetisyon, muling ipinakita ng mga atleta ang kanilang dedikasyon at galing sa bawat laban. Muling naging makulay

ang mga kaganapan sa mga iba’t ibang sports, at ang bawat distrito ay nagbigay ng makulay na pagtatanghal ng kanilang talento at lakas.

Sa pagtatapos ng DAM, inideklara ang Caraga Regional Science High School (CRSHS) bilang 1st Runner-Up sa Top Performing Secondary School, na nakapag-uwi ng 58 gintong medalya, 33 pilak, at 37 tansong medalya. Bagamat hindi nanguna, ang CRSHS ay nagpakita ng malaking pagsusumikap at patuloy na paghahangad na maging pinaka-magaling.

Ang Division Athletic Meet 2024 ay nagpatibay sa di-mabilang na kwento ng tagumpay, pagkakaisa, at sportsmanship na nagsilbing inspirasyon sa mga kabataang atleta ng Surigao City.

Pongers Rumatsada, kumamada ng top 3 spot sa Paugnat sa Kusog

Nakopo ng CRSHS Pongers ang anim na medalya sa Paugnat sa Kusog 2024 – Table Tennis sa Saint Paul University Surigao Atrium nitong ika-13 hanggang 15 ng Oktubre, 2024.

Naging bentahe kay Oliva ang errors at outs ng kontrang si Dan Penera ng Thunderbolts sa twice-to-beat match ng Secondary Boys - Bracket B, kung saan walang kahirap-hirap na ikinasa nito ang matikas na forehands pati na rin ang pagiging maingat sa anggulo ng paghampas sa bola, dahilan para masungkit ang ginto, 3-0.

Inungusan ni Dhana Garcia si Ella Lopez ng SPUS sa Secondary Girls - Bracket D matapos ang mahigpit at puno ng tensyon nitong sagutan sa twice-to-beat match na parehong sugapa nito ang errors at outs, subalit namutawi si Garcia sa mga hampas na naging tulay nito sa pwesto niya sa Regionals, 3-2.

Hindi pinalad ng ginto ang mga humarap sa mga manlalaro ng SPUS na si Rex Catral laban kay Cris Majam sa Bracket A ng kalalakihan (0-3), gayundin sa tunggalian ng kababaihan na sina Melgin Madera kontra Christel Ensomo sa Bracket C (0-3); pero wagi naman nilang nadagit ang pilak at iginilas ang mga estratehiya sa kabila ng mga naging mitsa.

Samantalang kumabig ng tanso ang tatlong Pongers matapos bigong makapasok sa championships; Secondary Boys Bracket C - Jake Macheca at Bracket D - Jallie Roculas, at Allia Sarte ng Secondary Girls - Bracket B.

“I feel grateful of course knowing that maka experience nasab ako nan regional meet. I have another chance to get the gold and maybe experience Palarong Pambansa. But at the same time, i’m quite down seeing my teammates not winning the gold medal and won’t be joining the regional meet,” ani Oliva, at dagdag pa niyang pangarap ng kanyang mga kasamahan na umabot ng Regionals at nakita nito ang kanilang puspusang pagsasanay upang manalo.

Tinapos ni Oliva ang kanyang panayam na tatatak sa puso’t isipan ng mga manlalaro, **“In the end, dili enough ang tanan, but what matters most is that they gave their very best and put in all their effort for the school.”**



ni Kate Gipala

tabletennis

PAL-OLIVA. Iginilas ni Vince Oliva ang kanyang talento sa palarong Table Tennis sa kasalukuyang ginawa na Paugnat sa Kusog 2024 nitong Nobyembre 13. (Larawan ni Morica Castulo)

**“Golden boy”
Caloy
umukit ng
kasaysayan sa
Paris Olympics,
dobleng ginto
nakopo**

ni Chris Waskin

Naukit ng Pinoy gymnast Carlos “Caloy” Yulo ang tagumpay bilang kauna-unahang two-time gold medalist sa dalawang magkabilang event matapos masungkit ang unang puwesto sa men’s floor exercise at vault events ng Paris Olympics 2024 noong ikaapat ng Agosto.

Nagpakitang-gilas ang tinaguriang “Golden boy,” matapos magpamalas ng three-and-a-half twist dismount na nagbigay ng 15.000 puntos sa kaniya na naging dahilan upang maungusan ang 14.966 ng Tokyo 2020 champion na si Artem Dolgopyat at makuha ang unang ginto.

Dagdag pa rito, naghari siya sa vault event sa sumunod na araw matapos magtala ng 15.116 puntos na nagluklok sa kaniya sa ikalawang ginto. Ayon kay Caloy,

“I’m grateful to those who truly believed in me through the ups and downs. This one is the sweetest, I think.”

”

Matatandaang lumahok si Caloy sa nakaraang 2023 Artistic Gymnastics World Championship subalit nabigo siya at lumagpak bilang panghuli sa qualifiers matapos magtala ng 0.000 sa vault.

Agad naman itong nabawi ni Caloy matapos kumamada ng kabuuang 67.765 na nagbigay daan upang maging kwalipikado sa Paris Olympics at mapagtagumapayan ito.

“I’m grateful for the people who really supported me. I could not do it without them,” saad ni Caloy.

Tumanggap si Caloy ng kabuuang 20 milyong piso mula sa gobyerno at iba pang gantimpala mula sa iba’t ibang korporasyon bilang pasasalamat sa pagbibigay karangalan sa bansa.

Muling aabangan ang susunod na pagsabak ni Caloy sa 2028 Olympics na gaganapin sa Los Angeles upang depensahan ang kampeonato.



gymnastics

swimming

Suong sa Daluyong CRSHS Swimmers, Namayag- pag sa Division Athletic Meet

ni Rhianna Crisologo

Surigao City — Parang alon sa dagat na walang makakapigil, dinaig ng Caraga Regional Science High School (CRSHS) swimmers ang kompetisyon sa Division Athletic Meet noong Nobyembre 13-15, 2024 sa St. Paul University Surigao. Sa bawat hampas ng tubig, isinabuhay nila ang “pintig ng tagumpay,” bitbit ang karangalan para sa kanilang paaralan habang inuwi ang mahigpit 30 gintong medalya, kasama ang pilak at tanso.

Isa sa mga naging tampok ng paligsahan si Ged Nikko S. Delito, na nagkamit ng anim na gintong medalya mula sa butterfly, freestyle, at backstroke events, pati na rin ang relay competitions. Nagdagdag din siya ng tansong medalya mula sa 50m freestyle. Samantala, nanguna rin si Precious Amber T. Poyatos sa freestyle at butterfly events, na may pitong gintong medalya, kabilang ang mga relay.

Nagningning din si Antoine Emmanuel Relliquete na nag-uwi ng anim na gintong medalya sa breaststroke at freestyle events, habang si Tiffany Joy T. Matutina y umangat sa mahahabang distansya tulad ng 800m freestyle at humakot ng limang ginto, isang pilak, at isang tanso.



LANGOY PANGARAP. Ipinakita ni Tiffany Matutina ang kahusayan sa pag langoy na naging dahilan sa pagkapantalo sa ginanap na division meet at nag qualify para sa Regional Meet, Nobyembre 13, 2024 (Larawan ni Carlyn Corminal)

Hindi rin nagpahuli si Crael Jabbez L. Larase, na nag-uwi ng apat na pilak mula sa breaststroke at freestyle events at dalawang ginto mula sa relay.

Samantala, si Ulisse Zabina Palma ay nagbigay ng solidong performance sa mahahabang distansya, na may dalawang gintong medalya, isang pilak, at isang tanso, bukod pa sa kanyang kontribusyon sa relay.

Bagamat magkaiba ang resulta para sa bawat delegasyon, malinaw na naging hamon at inspirasyon ang kompetisyong ito para sa lahat ng lumahok.



isportskinipil

CRSHS Chess binandera ang Red Warriors sa Paugnat sa Kusog
ni Kate Cipala

Pinatunayan ng CRSHS Chess Team ang kanilang kahusayan sa Paugnat sa Kusog 2024 – Chess na ginanap sa Convention Center, Capitol Complex mula Oktubre 13-15, 2024, nang makuha nila ang Top 3 spot sa kompetisyon.

Ikinandado ni Julleah Besinio ang Regionals sa kababaihan matapos umani ng ginto sa Blitz at Standard Team at Standard Individual, habang pilak sa Blitz Individual; sa kabilang banda, siniguro ni Yohan Sy ang kanyang pwesto sa pag-uwi ng ginto sa Blitz at Standard Team at Blitz Individual, samantalang pilak naman sa Standard Individual.

Hindi umuwing luhaan sina Weilla Galindo at Jhon Broniola sapagkat wagi nilang naibulsa ang ginto sa kani-kanilang team sa kategoryang Blitz at Standard, at pareho namang tanso sa Blitz Individual.

isportskinipil

CRSHS Dancesports umariba sa Paugnat sa Kusog, nanatiling defending champion
ni Kate Cipala

Muling pinanindigan nina Jazz Ariar at Jewel Tomogbong ang kanilang puwesto sa Regional Meet matapos nagpasiklab ng kanilang routines at facial expressions sa Paugnat sa Kusog 2024 – Dancesports Junior Latin Category sa Taft National High School Court noong Oktubre 14, 2024.

Sumalang ang pares kontra iba't ibang distri-to sa Graded E categories kung saaniginilas nito ang galaw at eksena ng routines na siyang nagbigay daan upang lumusot sa Top 3 at makipag tunggalian sa unang pwesto; bagamat dumaan muna sa sitwasyong naging pansamantalang hadlang sa kanila, nanatiling matatag ang dalawa dahil sa kanilang determinasyon at walang kapantay na pasyon sa larangan ng sayaw.

Sa kabila ng dalawang araw lamang na pag-eensayo, naging malinis at maayos ang bawat kilos nina Ariar at Tomogbong, nabigyang-diin ang mahahalagang elemento ng dancesports, at ipinamalas ang pagkakaisang galaw at timing nito sa ipinakantang mga musika.

Waging nilang naibulsa ang ginto sa Latin Graded E: Samba, ChaChaCha, at Jive, pilak sa Rhumba at Paso Doble, samantalang pumabaw at sinikwat nito ang ginto sa Overall Showdown.

“Ang goal namo this upcoming regional meet is to perform well ang amo routine and maka palarong pambansa,” pahayag ni Ariar, at ayon naman kay Tomogbong, naging mahirap sa kniang parte sapagkat limitado lamang ang naging panahon para sa pagsasanay, kung kaya’t ginamit na lamang nila ang routine noong nakaraang taon at mas pinaganda sa tulong ni coach G. Alexander Dubduban.

“**Ang goal namo this upcoming regional meet is to perform well ang amo routine and maka palarong**”

PAKITANG GILAS. Muling ibinida ang tandem na sina Jazz and Jewel ng CRSHS sa kanilang paghahataw sa Division Athletic Meet (DAM) nitong Nobyembre 14, 2024. (Larawan ni Dela Peña)



Carascians arnisadores nagpakitang-gilas sa SCDAM '24,

ni Chris Waskin



BUG-HATAW. Ipinamalas ng manlarong si Jhyrick Casurra (bughaw) ang kanyang talento sa paglalaro ng arnis sa ginanap na Paugnat Sa Kusog 2024 ng Surigao City Division. Nobyembre 14, 2024. (Larawang kinuha ni Makinano)

Taas-noong nagpugay ang Caraga Regional Science High School (CRSHS) matapos ang matagumpay na pagmanioobra ng mga arnisadorang Carascians na nag-uwi ng tatlong (3) ginto, anim (6) na pilak, at anim (6) na tansong medalya sa parehong secondary Anyo at Combative events ng arnis sa Surigao City Division Athletic Meet (SCDAM) 2024 na ginanap sa Surigao West Central Elementary School (SWCES) noong Nobyembre 15.

Nagpamalas ng kahanga-hangang husay at talento ang mga Carascians kung saan kumamada ng tatlong pilak at apat na tanso sa Anyo event, samantala tatlong ginto at pilak at dalawang tansong medalya sa Combative events dahilang upang mailuklok sila sa taas ng hanay.

“It’s very tiring but everything is worth it.

Lalo na’t we only have limited time to train and condition ourselves, especially sa anyo from single baston to espada y daga,” ayon sa arnisadorang si Kate Intong. Solidong pagmanioobra ang ipinakita nina Prince Leigh Buenavides at Jehu Torion sa Individual Solo baston at Espada y daga matapos pumangalawang puwesto sa parehong

event.

Samantala, lumikom ng isang pilak at dalawang tanso ang grupo nina Cassandra Sy, Intong, at Jhylleiane Cassura sa Girl’s Synchronized events, habang pilak at tansong medalya naman ang naibulsa ng boy’s category.

Nasungkit nina Sy, Torion, at John Kerby Tomogbong ang unang

parangal sa Combative events ng Bantam at Extra light weight division sa parehong girls at boys category, habang pilak naman para kay Intong, Jhylleiane at Jhyrick Cassura, nag-ambag din sina Prince Leigh Buenavides at Ethan Mula ng tansong medalya.

nagbibigay kalamangan sa matches.

Matapos masungkit ang tatlong gintong medalya at isang pilak sa Paugnat sa Kusog 2024, muling susubok ang kakayahan at determinasyon ng dalaga sa Regional Meet, at magiging pagkakataon upang ipagpatuloy ang pag-abot ng mas mataas na tagumpay.

Ayon sa kanyang mga plano sa hinaharap, hindi na niya bibigyang tuon ang chess sa kolehiyo at hindi na sasali sa mismong varsity team ng paaralan, subalit sasali pa rin siya sa Chess club.

Nagpapatunay na hindi lamang isang laro ang Chess kay Julleah, kundi bahagi ng kanyang pagkatao dahil patuloy na mananatili ito sa kanyang puso at tatak sa pangalan.

Isa sa mga estratehiya nagpapa tibay sa kanyang pananatili bilang regional qualifier ang paglalaro ng maingat sa paggamit ng iba’t iba at bagong openings upang hindi agarang mabasa ng tunggali ang kanyang mga plano, na

isportseditorial

Limitadong Isports

ni Kate Gipala

Hindi na nakapagtataka kung bakit tinawag ang Pilipinas na “basketball-crazy country,” na ipinapakita sa 2008 Sponsorship Intelligence Report at patuloy na sinusuportahan ng mga mamamayan ayon sa datos ng Philippine Basketball Association (PBA), kung saan umabot sa 975,520 ang average viewers ng PBA bawat laro sa unang kalahati ng 2024, kumpara sa 313,040 ng PVL at 218,400 ng UAAP.

Malaki ang suporta ng publiko at pribadong sektor sa basketball, samantalang hindi natatamo ng ibang sports ang parehong antas ng pansin at pondo, na nagiging sanhi ng pagkaligta sa mga atleta ng iba pang sports na patuloy na nagpapakita ng kahusayan at tagumpay.

Isang halimbawa na lamang si Hidilyn Diaz, na nagbigay pulong sa social media dalawang araw bago niya makuha ang kauna-unahang gintong medalya ng Pilipinas sa Olympics, dahil sa kakulangan ng suporta sa sports development mula sa gobyerno.

Samantalang ikinuwento ni E.J. Obiena, isang Athletics - Pole Vault na nakapagtala ng ilang podium finishes at natalo ang mga pinakamahasay sa pole vault noong 2022, na hindi siya nakatanggap ng kahit anong suporta mula sa gobyerno sa pagsimula ng taong 2022.


Matapos ang pagkapanalo ni Carlos Yulo nitong 2024, ipinahayag ng kanyang coach na si Dela Piza kung gaano sila kasaya sa nakukuhang atensyon ng Gymnastics, ngunit kailangan ding tignan ang pangangailangan ng mga atleta para sa bagong kag-

amitan at pinansyal na suporta. Dagdag pa rito, ayon kay Wilfred Uy-tengsu, may-ari ng Alaska team sa PBA, ang P85 milyong pondo na inilalaan para sa basic operating expenses ng isang PBA team na hindi naman gaanong nagpapakita ng kahusayan sa kanilang performance ay mas mataas pa kaysa sa P52 milyong pondo na inilaan para sa 22 atletang ipinadala sa Paris 2024 Olympics mula sa sektor publiko na Philippine Sports Commission (PSC).

Bagamat nakatanggap ng suporta ang mga nabanggit na atleta matapos ang kanilang mga tagumpay, mas marami pang pagkakataon at

benepisyo ang maaaring makuha ng iba pang sports na hindi nakatatanggap ng sapat na pondo at suporta kung bibigyang pansin.

Sa aking pananaw, upang mapabuti ang kalagayan ng mga atleta sa ibang sports, kailangang maglaan ng pantay na suporta at pondo mula sa gobyerno at mga pribadong sektor, pati na rin ang pagbuo ng mas mataas na visibility at oportunidad para sa lahat ng atleta.



Kagila-gilalas, Gilas CaraScian

ni Chris Waskin

Buong kisig na nakipagsabayang ang mga basketbolista ng Caraga Regional Science High School (CRSHS) nito lang nakaraang Surigao City Division Athletic Meet, at ibinida ang lakas sa paglalaro na nagresulta upang mailuklok sila sa ikaapat na puwesto ng 3x3 basketball boy’s category, na ginanap sa Taft National High School noong ika-13 ng Oktubre.

Sinilat nila sa first game ang pambato ng Surigao Education Center o SEC, 18-11, na nagdala sa kanila na makuha ang momentum tungo sa mas kompyansang laro. Pinangunahan ni Ezra Luib ang opensa ng CRSHS matapos kumamada ng walong puntos na naging sandigan sa kanilang solidong kartada.

Tila lumihis ng direksiyon ang momentong dala ng mga Carascians, sa pagsapit ng ikalawang laro kung saan lubos silang nakaapektuhan ng labis na kapaguran na naging dahilan kung bakit inalat sila sa opensa at hindi makabutas sa mga animo’y pader na depensa ng Saint Paul University Surigao (SPUS) Green Knights.

Nagtapos ang laro sa iskor na, 9-22, at nabigo ang mga Carascians na magpatuloy sa semis ng kompetisyon. Sa isang panayam, inilahad ni Luib ang buong opinion at saloobin batay sa nangyari sa team. Ayon kay Luib, **“Sa kabuuan, ok lang ang naging performance namin ngunit disappointed parin dahil hindi namin nakamit ang aming inaasam na kampeonato.”**

Dagdag pa niya, **“Dapat all out kami para mas mag improve, mas kabisadohin ang sistema, know our roles, strengthen our team chemistry, at lahat ng aspects of being a player, for us to win games.”**

Matapos ang kabigoan na ito nagpakita pa rin ng disiplina’t katatagan ang mga atletang Carascians upang mas yumabong ang tanglaw ng pangarap.

PINANGHAHAWAKANG

DETERMINASYON

ni Rhianna Crisologo

Hindi basta manlalangoy lang, — si Antoine Emmanuel S. Rellique ay isang powerhouse sa pool. Sa ginanap na Division Athletic Meet noong ika-13-14 ng Nobyembre 2024, tila siya ang tidal wave na sumira sa agos ng kompetisyon. Sa edad na 16, ipinamalas niya ang kaniyang dekadang pagsasanay sa pamamagitan ng pitong gintong medalya, na nagpapakita ng kanyang dedikasyon at walang katulad na bilis.

Parang agos na walang makapigil, sinuoyod ni Rellique ang 200m, 100m, at 50m breaststroke na tila isang beteterano. Sumisid din siya sa freestyle events — 100m at 50m. Dinagdagan pa niya ang kaniyang koleksyon ng ginto sa team events, kung saan pinangunahan niya ang 4x50 medley at freestyle relays patungong tagumpay.


“Dasal ang sandata ko sa bawat laban,” ani Rellique. Sa kabila ng gipit na kompetisyon at ang pressure na dala nito, pinanatili niyang kalmado ang

kaniyang isip at puso. Sa bawat dive, stroke, at turn, ipinakita niya na higit sa pisikal na kakayahan, ang tiwala sa sarili at pananampalataya ang tunay na nagpa-palakas sa kanya.

Ang Division Athletic Meet ay nagsilbing perpektong arena para kay Rellique upang ipakita ang bunga ng mahigít isang dekadang ng pagsasanay. Simula pa lamang noong bata siya, itinanim na sa kanya ang halaga ng disiplina. Araw-araw sa pool, inuulit-ulit niya ang bawat galaw, pinapino ang bawat detalye ng kanyang swimming mechanics.

Para sa kanya, ang sikreto ng kaniyang tagumpay ay hindi lamang nakasalalay sa talento kundi sa pag-eensayo ng todo.

“Walang shortcut sa swimming,” dagdag pa niya. **“Ang natutunan ko sa lahat ng taon na ito ay ang halaga ng pagsasanay kahit walang kompetisyon. Kung gusto mong mauna sa laban, kailangang paghirapan mo ang bawat segundo.”**



LANGOY PANGARAP. Maliksing sumisid si Antoine Emmanuel Rellique para maunahan ang kanyang mga katunggali sa ginanap na division meet. Nobiyembre 13, 2024 (Larawan ni Dionne Ruaya)

isportskinipil

Bagong Pana, Panalo ang

ni Rhianna Crisologo

Surigao City —

Umarangkada ang mga atleta ng Caraga Regional Science High School sa Division Athletic Meet sa larong Archery na ginanap sa Surigao City Firing Range noong ika-14 ng Nobyembre, 2024, kung saan nagningning ang mga talento lalo na ang mga baguhan.

Pinakamalalaking laban ang nakita sa mga pangunahing kategorya tulad ng FITA round, kung saan matindi ang kompetisyon sa bawat metro ng target. Ang 30-meter round, bagamat naging hamon para sa ilan dahil sa tensyon, nagbigay din ng mga aral na mahalaga sa pagbuo ng disiplina at kumpiyansa.

Sa kabila ng presyur, sinabi ni Daniella Entero, **“Natakot noong hindi pa nagsisimula, pero pagkatapos, masaya na.”** Nagbunga ang ganitong pag-iisip ng mas malalaking tagumpay sa mga sumunod na rounds, kabilang ang 40-meter at 70-meter events.

isportskinipil

Palong Pagsulong

ni Rhianna Crisologo

Surigao City — Hindi

nagkulang sa puso at tapang ang CRSHS Guyito Men and Women teams sa Division Athletic Meet (DAM) Volleyball tournament na ginanap sa Brgy. Sema Gym noong Nobyembre 13-15, 2024. Sa kabila ng matinding laban, nagtapos ang koponan ng Guyito Boys sa ika-apat na puwesto habang matapos ang mahihirap na tatlong set na bakkaban.

Bagamat naging hamon ang presyur, kakulangan sa disiplina, at pagbaba ng enerhiya, ginamit ng mga atleta ang karanasang ito bilang leksyon. Para sa men’s team, sina Johntrix Remegio, Jan Robert Gesta, at Leonard Castullo ay nanindigan, **“Huwag kang magpapakampante at maging kumpiyansa, magtiwala ka sa iyong sarili at sa team.”**

Sa panig ng women’s team, nagbigay ng positibong pananaw si Ashlynn Morales, ang kanilang kapitan. **“Marami pang puwang para sa pagpapabuti,”** aniya, habang nananatiling determinado ang kanilang koponan na magpakitang-gilas sa mga susunod na torneo.

Hindi man nakamit ang podium finish, ipinakita ng CRSHS Guyito teams ang kanilang laban na puno ng aral at inspirasyon. Sa kanilang pagbabalik, handa silang patunayan na ang bawat pagkatalo ay hakbang patungo sa tagumpay.



isports

TOMO XX • BLC 1
HULYO 2024 - ABRIL 2025

Isyung totoo, Ihahatid sa Inyo
Opisyal na Pablikasyon ng Caraga
Regional Science High School

Taong Panuruan 2024-2025

isportslathalain

EZRA-ORDINARY



LUIBOLERO.

Maliksing naglalaro si Ezra Luib ng Blue Sharks sa kanilang labanan ng Orange Tigers. Handang itira ang bola para sa huling puntos nitong Oktubre 31, 2024.

(Larawan ni Dela Peña)

ni Chris Emmanuel Waskin

Makisig, Magaling, Matinik, kapag tangan na ang bola.

Napapa-atras ang kalaban sa bawat solidong maniobrang ipinapamalas. Talentadong binatilyong sumagupa sa bawat hamon, dala ang pangarap at dedikasyon sa bawat kompetisyon.

Bilad sa sikat ng araw, hindi iniinda ang pulikat at sugat sa pakikipagbuno sa loob ng kort. Sa likod ng islang puno ng samu't saring talento mayroong nakakubling perlas na natatangi ang kinang kung saan handang makipagsabayan makamit lamang ang tagumpay na inaasam.

Siya si **Ezra Lloyd Luib** o mas kilala bilang **"Biloy,"** 16 na taong gulang, isinilang noong Agosto 16, 2008, lumaki sa tinaguriang **"Mystical Province of Love,"** Dinagat Islands, bayan ng Loreto.

Anim na taong gulang pa lamang nakitaan na ng husay si Biloy, sa katunayan, lolo niya ang naghikayat sa kaniya na maging isang basketballista at puspusang naghasa sa kaniyang talento.

Bunga nang pagsusumikap, tuluyang yumabong ang husay ni Biloy at sa

edad na 11 taong gulang sumabak na sa Governor's Cup at lumahok sa iba't ibang lalawiganing liga upang maiyayon ang layon sa landas na binabaybay.

Sa bawat tagumpay at pagkabigo na pinagdaanan nana tiling matatag at uhaw si Biloy sa tagumpay dulot ng determinasyon at inspirasyon.

tinanghal siyang MVP sa Paugnat 2024 at malaking bahagi ang naiambag niya sa kampeonato ng Blue Sharks (Grade 11) at kasalukuyang kabilang siya sa koponan ng CRSHS Carabaos na sasabak sa Surigao City Division Athletic Meet at Geed Gokiangee Inter-High Basketball Tournament ngayong Nobyembre.

PAUGNAT 2024 Higit pa sa laro

ni Kate Gipala

Hindi lamang umiikot ang isports sa isang layunin: ang manalo. **"Remember that each of you brings unique talents and strengths, this is more than just a contest, it's an opportunity to demonstrate your hardwork and unity,"** ani ng punong-guro, Maria Ruth Edradan.

Opisyal na idinaraos ang District 3 – Paugnat 2024 sa makulay na parada mula Surigao West Central Elementary School tungo sa Caraga Regional Science High School, kung saan ginanap ang pagbukas ng programa noong ika-30 ng Oktubre, 2024.

Nagsimula ang mga kaganapan sa isang Panalangin at Pambansang Awit ng CRSHS Glee Club, na nagbigay ng damdamin ng pagkamakabayan at pagkakaisa.

Kasunod nito ang pambungrad na mensahe ni Gng. Maria Ruth Edradan na ibinahagi nito ang nakapukaw damdamin na

mga salita at pasasalamat sa mga bisitang, guro, atleta, at mga estudyante na nakilahok.

Pinamunuan ni Antoine Emmanuel Relliquete ang Lighting of Torch Sportsmanship kasama ang iba pang Regional Athlete winners upang sindihan ang kaldero sa Uncovered Court, kung saan sumisimbolo ang apoy ng kapayapaan at pagkakaisa sa Intramurals.

Isinagawa ng mga delegasyon mula sa iba't ibang elementarya ng Distrito 3—SWCES, Alegria, Bilabid, at Baybay—ang Banner Raising, na unang itinaas ng SWCES ang banner, sinundan ng Alegria at CRSHS, na inunahan ng Alegria.

"I now declare the Paugnat 2024, officially open!" pormal na idineklara ni Gng. Tessie C. Dolores, Ph.D., EPS/ Division Sports Coordinator, ang pagbubukas ng Paugnat 2024 kasabay ang pagbigay

inspirasyon sa kanyang mensahe, saka ang masiglang pagpapakilala at paglalarawan kaugnay sa mga kakayahan ng mga koponan na maglalaban sa Intramurals ni CRSHS Assistant School Head, Mark Anthony T. Bangao.

Sa pangunguna ni Klara Eloisa Pertacorta, Pangulo ng MAPEH Club, pinagtibay niya ang Oath of Amateurism upang isulong ang integridad, disiplina, at tamang pagpapahalaga sa bawat aspeto ng isports, habang Oath of Officials naman kay Gng. Mary Grace S. Tantoy, Sports Coordinator ng CRSHS.

Nagbilin ng mensahe si Gng. Marilou B. Dedumo, PhD, CESO V, Schools Division Superintendent sa kabila ng pagliban mula sa kaganapan, **"This moment is an opportunity to show your passion, perseverance, and hardwork."**

Bago magsimula ang mga laro, nagbigay pulong si Atty.

Salvador V. Acedilla, ang Public Schools District Supervisor ng Distrito 3, kung saan binigyang-diin na daan tungo sa 'holistic development' ang isports.

Sa Paugnat 2024, muling ipinakita ng Carascians ang kahalagahan na hindi lamang ito paligsahan ng atleta, kundi isang selebrasyon ng pagtutulungan, pagkakaisa, at disiplina na nagbigay-diin sa mga halaga ng sportsmanship at integridad.

intrams2024

Galawang Carascian

ni Kate Gipala


Ipinamalas ng iba't ibang baitang ang kanilang natatanging interpretasyon ng mga sayaw at galaw na may kaugnayan sa kultura ng Pilipinas sa ginanap na Galaw Pilipinas at Cheerdance competition sa Uncovered Court ng Caraga Regional Science High School noong Oktubre 30, 2024.

Kilalang mga mananayaw na sina G. Alexander Dubduban, Gng. Aileen Cleofe, at ang Chairman of the Board of Judges, G. Wenefredo Cornita, ang mga naging hurado sa kompetisyon.

Binigyang-diin ng bawat isa ang kanilang pagpapahalaga sa mga tradisyon at isports ng bansa sa Galaw Pilipinas, at sa huli, nanaig ang Orange Tigers (Grade 10) dahil sa kanilang malikhain at synchronized na galaw at formations.

Nagbigay daan naman ang makukulay na props at mahusay na cheer motions sa categoryang Cheerdance na naging tampok sa kanilang mga eksebisiyong puno ng enerhiya; namayagpag ang Green Pythons sa pamamagitan ng kanilang kahanga-hangang pagtatanghal na nagpakita ng tindi at dedikasyon.

Bisitahin ang **CRSHS Online Board** sa pamamagitan ng pag-scan sa QR code sa itaas



2024 CRSHS PAUGNAT RESULTS



This moment is an opportunity to show your passion, dedication, perseverance, and hard work.